


ANG OBRAMAESTRA

 Tayo'y magsiyuko ngayon para sa panalangin. Habang ang mga ulo at puso natin ay nakayukod sa harap ng Diyos, ako—ako ay nag-iisip kung ilan sa mga naririto ang may kahilingang nais nilang ipaalala sa Diyos, sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong mga kamay? Ngayon, isapuso ninyo ngayon ang inyong mga kahilingan habang tayo'y nananalangin.

² Panginoong Jesus, Ikaw ang—ang Bukal, ang hindi nasasaid na Bukal ng Buhay, dumaloy Ka sa amin ngayon, Panginoon, at linisin kami sa lahat ng di paniniwala at lahat ng kasalanan, upang kami ay makatayo sa Iyong Presensiya ngayon, nalalaman naming kami ay may pangangailangan, na batid naming kami ay mga makasalanan at hindi—hindi karapat-dapat sa anumang pagpapala. Ngunit gayon pa man kapag naiisip namin Siya Na naparito at umako ng aming mga kasalanan! At, kapag ang Dugo Niya ay naroroon, hindi iyon—hindi kami iyon na nasa Presensiya ng Diyos, kundi Siya. Iyon ay ang tinig lamang namin sa pamamagitan ng Kaniyang Dugo. Ang Kaniyang Dugo ang nagsasalita. O Diyos, kung magkagayo'y linisin ang aming mga puso sa kasalanan at kawalan ng pananampalataya.

³ Ipagkaloob Mo sa amin ang mga ninanasa ng aming puso, sapagkat tunay na nasa amin ang mga pagnanasang ito upang paglingkuran Ka. Sa mga nakapanghihinang kalagayang ito at mga karamdaman, at mga bagay ng sanlibutan na naiaatang sa amin minsan, upang kami'y masakdal; nasabihan na kami tungkol diyan. Pagkatapos ay sinabi Niya, “Huwag ninyong pagtakhan na dumarating ang mga pagsubok na ito.” Ang mga ito'y nangyayari para na rin sa aming kabutihan at upang kami ay masakdal, at maihatid kami sa dakong iyon. Ang mga dakilang disyerto ng karanasang ito, kung saan ang taong matuwid ay nahuhubog sa pagiging mga banal, kami—kami'y nagpapasalamat sa Iyo sa mga karanasang ito, Panginoon. Hindi namin sasadyain, hindi sa anumang paraan namin nanaising gumawa ng anumang bagay na laban sa Iyong kalooban. Bagkus dumadalangin kami, Ama, na sa pamamagitan nito ay higit kaming mapalapit sa Iyo.

⁴ At kapag ang mga dalahin ay napakabigat na at hindi na kami makapagpapatuloy pa, sa gayon ay itinataas namin ang aming mga kamay at tumitili sa aming Ama. Kung gayon ay dinggin Mo kami mula sa Langit, Panginoon.

Pagalingin Mo kami, paigihin Mo kami alang-alang sa Kaharian ng Diyos.

Basbasan ang Iyong Salita sa umagang ito, Panginoon. Ang Iyong Salita ay ang Katotohanan.

⁵ At kami ay nagkatipon dito ngayon sa simbahan. Dumadalangin kami para kay Kapatid na Neville, at para kay Kapatid na Capps, at Kapatid na Collins, at ang lahat ng mga ministro, at ang—at ang mga katiwala, ang mga diyakono, at ang lahat ng mga karaniwang mananampalataya, at ang mga estranghero sa aming mga pintong-lagusan. Nawa ay lagi naming maalala ang araw na ito, dahil sa Iyong Presensiya.

⁶ Kami'y naririto sa umagang ito na may dakilang pag-aasam, Panginoon. Sa sandaling pasabi, nangagkatipon. Nadarama naming ito'y para sa isang layunin. Nawa ay maganap ang layunin Mo, Panginoon. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, habang isinusuko namin ang aming mga sarili. Amen.

⁷ Lubhang kasiya-siya ang maparito at makipagtipon sa simbhang ito na puno ng mga tao. Hindi ko inaasahang may mga mapaparito bahagya man lang sa umagang ito, dahil ako mismo, ay hindi ko alam, na ako'y mapaparito.

⁸ Kararating lamang namin mula sa Philadelphia. At kaya nang dumating ako, ang akala'y pupunta agad ako sa Arizona, upang magdaos ng gawaing panglibing para sa isang kaibigan ko, si Kapitan Jim Moseley, isang napakahalagang, maka-Diyos na lalaking naakay ko kay Cristo kailan lang, ang tatlong magkakapatid na lalaking Moseley. At isa sa kanila ay nahulog, at nakasakay sa eroplano noong isang araw, at kaagad namatay. Sampung oras na siyang nasa apoy bago nila siya napuntahan. Kaya si Lee ay dalawampu't walong taong gulang na, ang kaniyang asawa ay dalawampu't anim, at—at nag-iwan ng tatlong maliliit na mga anak; ang panganay, pitong taon. Napakalungkot. At sila . . .Nang makuha nila siya, pagkatapos ay kinailangang ilibing kaagad siya kinabukasan. Kaya nga ako . . .Hindi ko nagawang makaparoon. At isinulat ko na lamang, o itinelegrama ko na lang, ang sasabihin ko, o kung ano ang dapat na sasabihin ko sa araw ng libing ni Kapatid na Moseley. Ang ilan sa mga bagay na ito ay hindi natin maunawaan, gayon pa man ay ginagawa Niya ang lahat ng bagay upang mapabuti.

⁹ Tayo'y naririto sa gawain ng Panginoon, sa umagang ito, nalalaman na—na—na tayo ay sumasampalataya sa Diyos, na tayo ay sumasampalataya na gagawin Niyang wastung-wasto ang lahat ng mga bagay. Kahit pa nga ano ito, at kung paano itong mangyayari, alam nating ito'y “mangyayari para sa ikabubuti.” Ipinangako Niya iyan. Dapat lang itong magkaganiyan. Minsan ay hindi natin maunawaan iyan, nagiging napakakumplikado magkaminsan, gayon man alam nating iyan ang Katotohanan, ‘pagkat sinabi ng Biblia na iyan ang Katotohanan. At ang Biblia, sa atin, ay Diyos na nasa anyong titik.

¹⁰ Ngayon, dapat ay may paglagakan tayo ng ating pananampalataya. At kung—kung ako o sinuman sa atin, sa buhay, ay magsumikap upang magtagumpay sa buhay at maraming beses, na maging, isang multimilyonaryo, ngunit ano ang ating gagawin diyan? Tayo ay darating sa isang hangganang daan, at ano'ng—ano'ng magiging kabutihan sa atin niyan sa gayon? Kita n'yo? At ang salapi ay isang—isang katibayan ng pag-aari, ito'y isang pamalit, ngunit hindi ninyo ito maipamamalit sa Buhay. Tanging ang Diyos lamang ang may Buhay.

¹¹ Kaya tayo—tayo'y namamalayan nating naririto sa negatibong anyo. At habang mayroong negatibo, ay kinakailangang mayroong positibo. Hindi magkakaroon ng isang negatibo kung walang positibo, kita n'yo, sapagkat ito'y dahil sa ang positibo ang siyang gumagawa sa negatibo. Katulad ng mayroon kayong isang negatibong larawan ng ilang bagay. Kailangang may isang bagay sa kung saan, o natatamaan, ang liwanag ay tumama sa lenteng iyon, o kung hindi ay hindi magkakaroon ng anumang—anumang negatibo. Kaya kapag nakikita natin ang ating buhay dito ay nasa negatibo, at nalalamang tayo'y nasa larawan ng isang buhay sa kung saan, kung gayon ay alam natin na may isang positibo kung saan na tinamaan ng liwanag, at ito'y nakapaglarawan ng isang bagay dito sa lupa. At tayo lamang ang paglalarawang iyon. Ang tunay na bagay ay naroon sa kung saan. Kung hindi iyan gayon, ako ang taong pinakamalala ang pagkadaya dito sa lupa; ginugol ko ang aking buhay sa walang kabuluhan. Ngunit nalalaman ko, ng walang anino man ng pag-aalinlangan, na ito'y naroroon. Kita n'yo? Iyan ang dahilan kaya tayo'y naririto. Kita n'yo?

¹² Kapag nakikita ko kayong napaparito mula sa ibayong dako ng bansa, sa ilang sandaling pasabi, at minsan ay nagbabakasakali, kung magkagayo'y nanliliit akong tunay kapag ako ay dumadalo sa isang pagtitipong tulad nito; isipin na lamang na alam kong ang mga taong naririto ay naglabay ng daan-daang mga milya, upang maparito lamang para sa ilang sandali ng gawain, upang maupo lamang dito.

¹³ Isang babae ang nagwika, naparito noong isang araw at ang sabi, “Ipakita mo sa akin kung saan lumakad ang lalaking iyon, at hayaan mong sundan ko siya, sa ibabaw ng lupa,” ang sabi, “Ako ay gagaling.” Ngayon, paniniwalaan ka ng ganiyan ng mga tao, at kinatawan ka ni Cristo, kung gayon ano'ng dapat nating gawin? Dapat tayong maging napakaingat, sapagkat hindi lamang ang sarili n'yo ang sinisira n'yo sa mali, sinisira n'yo rin ang ibang nagsisisunod sa inyo.

¹⁴ Kaya, wala akong alam na denominasyon o anupamang bagay na pagdadalhan sa inyo. Isang bagay lang ang sinasampalatayanan ko. Kung naniniwala kayo sa akin, sundin ninyo kung ano ang sinasabi ko sa inyo. Sapagkat, ako ay

sumasampalataya sa Biblia, iya'y ang Salita ng Diyos. Ang ibang mga bagay ay nabibigo. Ako'y talagang . . . Siya ay Buhay. Siya'y ang Salita.

¹⁵ Ngayon, alam ko na kayo'y . . . Kapag ako'y napaparito, ay pinagtatagal ko kayo. Dumadalangin ako sa Diyos, nang maramdaman kong nais kong pumarito ngayong araw na ito. Ako'y nagkaroon ng napakaraming mga panayam at mga tawag, at kung anu-ano pa. Kinailangan kong katagpuin ang ilan sa kanila ngayong umaga. At ang sabi ko, "Mangyari, walang dudang hihilingan akong mangaral ni Kapatid na Neville." Iyon ay noong Biyernes. At 'kako, "Malamang na hihilingan akong mangaral ni Kapatid na Neville. At kung gagawin ko ito, kung gayo'y idadalangin ko, Diyos. . . ." Napakainit, naging napakainit. At napakabuti Niya upang padalhan tayo ng ulan at patirin ang totoong napakatinding init, at bigyan tayo ng isang magandang umaga sa umagang ito. Dalangin ko na ang Kaniyang kabutihan ay maibuhos sa bawat isa sa inyong lahat, upang lagi ninyong maalala ang inyong pagdalo sa umagang ito. Nawa'y ang biyaya Niya at mga pagpapala ay sumainyo!

¹⁶ Kagabi ay dinalaw ko ang isang kaibigang maysakit, si Kapatid na Bill Dauch. Hindi ko siya nakikita rito ngayong umaga. Sa anumang kadahilanan, ay hindi. Ay, naririto siya. Siya'y . . . Oo. At iniisip ko, "Isang matandang lalaking siyamnapu't isang taong gulang, at patuloy pa ring rumaragasa patawid ng—ng bansa, dumaraan sa disyerto, at umaakyat sa mga nagyeyelong bundok at sa mga madudulas na kalsada. Hindi na niya kailangang gawin iyan. Ang Diyos ay naging mabuti sa kaniya; hindi niya kailangang gawin iyan. Siya ay maaaring maupo sa kaniyang tahanan at magpapaypay sa kaniyang mga katulong, kung nanaisin niya." Ngunit, may nangyari kay Bill Dauch, siya ay isinilang na muli. At nang magkagayon, may kung anong bagay na dumating sa kaniyang puso, na tanging ang kaniyang ikinabubuhay ay ang pagdalo sa mga gawaing ito. At kung ako ang magiging tagapagsalita ng Diyos, dadayain ko ba ang isang kaibigan? Nanaisin ko pang mamatay. Kung gayon ay hayaan ninyong sabihin ko sa kaniya nang ganap kung ano ang Katotohanan mula sa Bibliang ito. Kung magkagayon, iya'y Salita ng Diyos. Inuulit ko lang kung ano ang Kaniyang sinabi.

Ngayon nais kong bumasa ng kaunti mula sa Biblia.

¹⁷ Bago tayo magbasa, nais ko na—na sabihin na sa paniwala ko'y ang gabing ito ay gabi ng komunyong. At kayong mga tagarito . . . Mangyari pa, ang ibang mga tao marahil ay magsisibalik sa kanilang mga tahanan, 'pagkat kailangan nilang pumasok sa trabaho. Kayong mga tagaritong naririto sa kapulungan, alalahanin, ang mga kapatiran ay magdaraos ng komunyong ngayong gabi.

18 Ngayon, ako'y naghihintay para sa huling tawag para sa Aprika. Ayaw nila, ayaw nila akong papasukin bilang isang misyonaryo. Kaya ang tanging paraan na ako ay makapasok, doon. . . Ako'y pupunta sa Kenya, Uganda, at—at Tanganyika. At ang tanging paraan na ako ay makapasok. . . Una, hindi kayo pahihintulutan ng mga iglesiang makapasok, 'pagkat nais nila akong mangaral ng bagay na sa papanig *dito* at sa papanig *doon*, doon sa Aprika. At ayaw kong pumunta nang ganiyan. Ayaw kong maging isang ipokrito upang gawin iyan. Kaya mas mainam pang sabihin ko sa kanila, "Hindi po, ginoo, ang tanging ipangangaral ko, ay kung ano lang ang inilagay ng Diyos sa puso ko, at iyon lang." Kita n'yo? At tiyak kong hindi iyon kung ano ang nais nilang ituro ko. Kaya, pantatluhang bautismo, at iba pang tulad niyon, at makikipagtalo sa kanila. Hindi.

19 Ngunit ako'y naanyayahan para sa isang malaking pagtitipon, ng Kapatid na Boze. Nasa bingit na siya ng pagkakakita ng kaunting liwanag sa kung ano ang ating pinaniniwalaan. Kung kaya't ang hiling ko'y makapasok na tila ako'y paroroon upang mangaso. Kung pahihintulutan nila akong makapasok, na parang mangangaso. . . Kung mayroon lang akong makukuhang isa na magsasabing isasama niya akong mangaso, kung gayon kapag ako ay naroroon na, ang manggagamot—ang manggagamot doon sa embahada, ay isang personal na kaibigan ko, mula sa Chicago. At sa sandaling ako ay makapasok doon, sasabihin niya, "Buweno, narito si Kapatid na Branham. Magdaos tayo ng isang pagtitipon." Kaya, kapag ako'y naroon na, hindi na ako maaaring tanggihan ng embahada. Kung kanilang. . . Kaya nagsusumikap sila na makagawa ng paraan ngayon. Kaya nagtitiwala ako na. . . Kung iya'y kalooban ng Diyos, ganiyan ang magaganap. Kita n'yo? Iyan—iya'y naipagkatiwala na sa Kaniya. Kung hindi, ay pasasabihan ko kayo. Hindi ko. . .

20 Kung kalooban ng Diyos, kung gayon, nais kong mangusap tungkol sa Pitong Mga Trumpeta. At iya'y maaaring maging isang walong-araw na gawain, at hindi tayo rito sa Tabernakulo, marahil. Susubukan nating makakuha ng isang oditoryum dito.

21 Ngayon, hindi ko kailanman naisip, ang bagong oditoryum na ito na kasalukuyang itinatayo rito, doon ko mismo unang nakita si Jesus sa pangitain. Ngayon iya'y naitayo, ang oditoryum ay naitayo doon mismo sa lugar na iyon. Nagtungo ako roon mismo noong isang araw, upang tingnan. Nang ako'y tumingin at nakita Siyang nakatanaw sa silangan, naaalala ba ninyo nang ikuwento ko iyan, nang ako ay nananalangin para sa aking ama; isang—isang munting batang lalaki, isa lamang batang mangangaral. Doon ko Siya nakita. Pahakbang, tinitingnan ko Siya; ang ulo Niya'y nakapaling mula sa akin. Nagpatuloy ako sa aking paglalakad, paubong lumulunok, sa taniman ng tambo. At patuloy ko Siyang minasdan, at hindi

Siya lumilingon. Pagkatapos ay tinawag ko ang Pangalan Niya, “Jesus.” At Siya ay lumingon, iniunat ang Kaniyang mga kamay, at iyon lamang ang natatandaan ko hanggang sa pagsikat ng araw. At nilisan ko ang bukid, nang mag-uumaga na.

Kaya marahil ay ipahihintulot ng Panginoon na ipangaral ko ang mga Trumpeta doon. Kung saan man iyon, ang kalooban ng Diyos ang maganap.

²² Buklatin ninyo ang inyong mga Biblia ngayon, sa Isaias sa ikalimampu't- . . . ika-53 kapitulo ng Isaias.

Ngayon, nagtitiwala tayo na pagpapalain ng Diyos ang ating mga mumunting pagsisikap na makapagsama-sama sa umagang ito. Kararating pa lang namin galing sa Philadelphia, kung saan ako ay dumalo sa kapulungan ng Full Gospel Business Men, at sa pakikinig sa kanilang iba't-ibang mga patotoo at iba pa, roon.

²³ Pagkatapos ako, sa daang palusong, ako ay . . . si Billy Paul at ako, at si Rebekah at ang mga batang babaeng Collins, ang munting si Betty Collins. At si Billy ay napakahimbing matulog, at lalo si Becky, at kaya ako . . . si Betty at ako ay nag-usap. At nakaupo siya sa tabi ni Becky sa likuran, sa upuan sa likuran. At mayroon akong nakitang kung ano sa daan, na nangyari; at, nang magkagayon, ay may pumukaw sa akin. At si Betty, kung naririto siya, napansin niyang huminto ako sa pagsasalita at nagsimula akong magsulat ng kung ano. Doon ko nakuha ang paksang ito para sa umagang ito.

²⁴ Ngayon tayo ay magsitayo. Kung tayo . . . Ngayon tayo ay tatayo bilang paggalang sa Salita ng Diyos, habang binabasa ko ang ika-53 kabanata ng Isaias.

Siiong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng PANGINOON? (Pansinin, ito'y isang tanong, sa simula pa lang.)

Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa . . . tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya, ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya.

Siya'y hinamak at itinakuwil ng tao; isang taong sa kapanglawan, . . . bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao; na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya.

Tunay na kaniyang dinala ang ating karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan: gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Diyos, at dinalamhati.

Ngunit siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, siya ay nabugbog dahil sa ating mga kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan

ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.

Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng PANGINOON ang kasamaan nating lahat.

Siya'y napighati, gayon man nang . . . dinalamhati, ay hindi nagbukas ng kaniyang bibig: gaya ng kordero na dinadala sa katayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit . . . pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig.

Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita? na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay: dahil sa mga pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya.

At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anumang karayaan sa kaniyang bibig.

Gayon ma'y kinalugdan ng PANGINOON na mabugbog siya; inilagay niya . . . siya sa pagdaramdam; pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kaniyang lahi, at pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng PANGINOON ay lalago sa kaniyang kamay.

At siya ay makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa, at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami . . . marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan.

Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at . . . kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan: at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang; at gayon ma'y dinala niya ang mga kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang.

²⁵ Amang Diyos, ang Iyong Salita ay isang Ilawan, ang Ilaw na nagbibigay liwanag sa landas ng bawat mananampalataya patungo sa Presensiya ng Diyos, habang tinatanglawan kami Nitong tulad ng isang parol sa aming kamay. Hindi Ka nagkaloob ng sapat upang makita namin ang wakas mula sa umpisa, at, ngunit ako'y lumalakad na may pananampalataya. Ngunit gaya ng isang taong nanahak sa isang madilim na

kagubatan sa gabi, at iyan ang kinaroroonan namin ngayon; ang liwanag na hawak niya, ay sapat lamang para sa paisa-isang hakbang. Ngunit ang daan, bagamat matarik, lumakad lamang kasabay ng Liwanag. At nawa ay sumilay ang Ilaw ngayon sa Salita, upang pangunahan kami sa isang hakbang pang patungo sa Kaharian ng Diyos. Sapagkat ito ay aming dalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Magsiupo kayo.

²⁶ Ang paksang ibig kong talakayin sa kongregasyon ngayong araw na ito ay: *Ang Obramaestra*.

Marahil ay magmimistulang kaiba ang kumuha ng isang— isang pagbasa sa Kasulatan gaya nito, ng—ng isa sa mga pinakabugbog at mapagpaslang na paglalarawan sa Biblia, na nang sabihin ng Biblia, na, “Ang sakdal na Lingkod na ito na dinalamhati, at binugbog, at ginutay,” at pagkatapos ay kumuha ng teksto mula riyon, tulad ng, *Obramaestra*. Lubhang kakaiba. Ngunit ako’y . . .

²⁷ Ang diwa ko’y nag-iisip, sa umagang ito, habang kami’y naglalakbay pabalik, ginawa ko ito, sa loob ng ilang mga taon. Ako’y naanyayahan sa Forest Lawn, sa—sa California, doon sa Los Angeles. Ang unang pakay ko sa aking pagtungo roon ay upang bisitahin ang—ang puntod ni—ni Aimee Semple McPherson, ang nagtatag ng kilusang Foursquare. At ako ay nagtungo sa kaniyang—kaniyang puntod. At bagamat ako—ako ay di sumasang-ayon sa babaeng iyon, bilang isang ministro, gayon man, sa aking puso, ako ay humahanga at nagbibigay galang para—para sa kung ano’ng pinanindigan niya, sa—sa kaniyang oras, at ang sa pag-uusig at sa mga bagay na pinagdaanan niya, at sa panahong siya ay naririto sa lupa. At pagkatapos ay para sa kaniyang—kaniyang pinakamamahal na anak na lalaki, na matalik kong kaibigan, si Rolf McPherson.

²⁸ At isang grupo ng mga ministro, kami ay nagtungo roon. At sila . . . hindi kami nagkaroon ng panahon doon sa—sa . . . doon sa—sa lugar kung saan nila dinaraos ang pagsusunog at paglalagay ng—ng mga katawan sa isang— isang maliit na kahon sa tabi ng pader.

²⁹ At doon sa loob ay mayroon silang mga katangi-tanging bagay, gaya ng Huling Hapunan. At ito’y nasisinagan ng aktuwal na sikat ng araw. At sila—sila ay may isang panangga sa liwanag na nagbibigay sa kanila . . . Pagpasok nila, ito’y nagliliwanag; at pagkatapos kapag—kapag sila ay nagsimulang magsalita, ito ay magdidilim. At sa ilang sandali ito ay magdidilim na nang lubos, at pagkatapos ay lalabas na ang mga tao. At silang lahat ay magkakaroon na ng Hapunan.

³⁰ At ang babaeng may hawak ng lihim kung paanong ihinulma ang salamin sa lugar na ito, aba, gagawin ang mga larawang ito, aba, ito—ito ay nagmula sa isang pamilya, maraming taon

na ang nakalilipas. At ang sining ay naisalin na lamang sa mga anak, at ang pinakahuli ay isang babae. At nang kasalukuyang inisasaayos nila ang larawang ito. At nang bubuuin na nila at idadarang sa apoy ang—ang salamin, hurnuhin ito, ang kay Judas Iscariote, ito ay nawasak. Kaya't nang magkagayon ay sinubukan nilang muli ito, at muli itong nawasak. At ang sabi niya, “Marahil ay ayaw ng Panginoong itabi sa Kaniya ang larawan ng Kaniyang kaaway.” At aniya, “Kung muli itong mababasag, hindi na natin tatapusin ang larawan.” Ngunit iyon ay nabuo na sa pagkakataong iyon. Pagkatapos, mangyari pa, iyon ay isang bagay na kapansin-pansin, at kung paanong nangyari ang mga bagay na iyon.

³¹ Ngunit, sa gayon, isa sa mga pangunahing bagay na kinakitaan ko ng iteres sa Forest Lawn, ay ang kay Michelangelo, ang dakilang eskultura, ang—ang monumento ni Moises. Ito’y isang—isang kopya lamang doon, mangyari pa. Hindi iyon ang orihinal, subalit iyon ay sadyang isang—isang dakilang obramaestra. At habang ako ay nakatayo at nakatingin doon, ako—ako’y gusto ko iyon, isang bagay na tila ba (kumakatawan) may kung anong taglay.

³² Napakahilig ko sa sining, talaga. Naniniwala ako na ang Diyos ay nasa sining. Naniniwala ako na ang Diyos ay nasa musika. Naniniwala ako na ang Diyos ay nasa kalikasan. Ang Diyos ay nasa lahat ng dako. At anumang bagay na salungat sa orihinal ay isang pagbaluktot. Ang Diyos ay nasa pagsasayaw; hindi ang uri ng pagsasayaw na ginagawa ninyo rito. Ngunit kapag ang mga anak na lalaki at babae ng Diyos ay nasa Espiritu ng Diyos, kita n’yo, iyan ang pagsasayaw. Ngunit kung gaya noong ating pinagtiisan hanggang ikalawa ng umaga, doon sa eskinita, iyo’y ang pagbaluktot niyaon.

³³ Ngunit, ito, at ang obremaestrang ito na—na ginawa ni Michelangelo, ito—ito ay, malaki ang ginugol niya upang gawin iyon—iyon. Siya ay isang dakilang tao, at gumugugol siya ng malaking bahagi ng kaniyang buhay dito, sapagkat nililok niya ito sa loob ng napakaraming mga taon. Kumuha siya ng isang malaking bato at ng—ng marmol, at patuloy na nililok ito. At, kita n’yo, tanging ang taong iyon, ang eskultor mismo, ang may taglay sa kaniyang kaisipan kung ano ang kaniyang sinisikap na gawin. Siya, siya iyon. Maaari kayong lumapit at sabihin sa kaniya, “Ano’t kinukutkot mo ang batong iyan?” Sa tagalabas, na hindi nakakaalam kung ano ang nasa kaniyang puso, ito’y walang kabuluhan. Ngunit para sa taong iyon, ang eskultor mismo, siya—siya’y mayroong isang—isang pangitaing nakikita sa kaniyang kaisipan, kung ano ang sinisikap niyang gawin, at siya’y nagsisikap na isalin kung ano ang nasa kaniyang kaisipan sa anyo ng isang—ng isang monumento. Iyan ang dahilan kung bakit siya’y tumutungkab mula sa mga bato.

³⁴ At ito, upang magawa, kailangan mong magpasimula ng tama, sa umpisa, at kailangan mong sundin ang padron. Kita n'yo? Hindi kayo maaaring kumuha ng maliit na piraso, upang makapagsimula, “Gagawin natin ito ng *paganito*; hindi, sa palagay ko’y. . .” Hindi, kailangan niyang magkaroon ng isang eksaktong padron. At sa kaniyang kaisipan ay taglay niya ang padrong iyon. At hindi siya maaaring lumihis sa padrong iyon. Ngayon, para magawa ito, kailangan niyang gumuhit sa kaniyang isip, sapagkat wala tayong tunay na mga larawan ni Moises, ngunit kailangan niyang magkaroon ng larawang pangkaisipan sa kaniyang diwa, ng kung ano talaga si Moises.

³⁵ Ngayon, ang isang tunay na eskultor ay inspirado, tulad ng isang tunay na makata, o sinumang tunay na mang-aawit, manunugtog, o maging anupaman ito. Lahat ng tunay ay kinakailangang lumitaw sa pamamagitan ng inspirasyon. Marahil ay taglay ni Michelangelo ang inspirasyon ng kung ano talaga ang larawan ni Moises. At nabuo niya iyon sa kaniyang kaisipan, kung ano marahil si Moises noon. Kaya ihinanda niya ang malaking piraso ng marmol, ang pagtabas ayon sa padron, at tinatabas iyon, at hinuhubog, hanggang sa makuha niya ang tunay na larawan ng kung ano marahil ang nasa kaisipan niya.

³⁶ At pagkatapos nang ganap niya itong mabuo, bawat kanto ay natapyas na, at bawat bahagi ay nakinis na, at ang mga mata ay ayus na ayos na, at ang bawat buhok, at balbas, ang lahat ay nasa tamang anyo na, tumayo siya at pinagmasdan iyon. Ako—Ako’y nag-isip ng—ng maraming, maraming mga taon ng mahirap na pagtatrabaho, at kung papaanong kinailangan niyang panatilihin ang pangitaing iyon sa lahat ng oras, sa kaniyang kaisipan, ng kung ano ang kaniyang gagawin. At isipin na lang, ang pangitaing iyon na nasa kaniyang kaisipan sa loob ng napakaraming mga taon, upang magawa itong katulad na katulad ng kung ano ito noon! Nasapo muna niya ang pangitain, at kung paanong kinailangan niyang gumawa tungo sa pangitaing iyon, tinatabas iyon at ginagawa! At nang mabuo niya ito doon sa pagiging ganap, hanggang sa ito ay maging ganap; siya ay tumayo at pinagmasdan nang matapos niya ito nang umagang iyon, hawak ang maso sa kaniyang kamay.

At siya ay lubhang inspirado nang pagmasdan niya iyon, sapagkat ang pangitain sa kaniyang kaisipan ay nakatindig na sa kaniyang harapan, sa katunayan. Kung ano ang nakita niya, at ang . . . ang kaniyang konsepto kung ano si Moises noon, hayun at naanyuan ito sa kaniyang harapan, kung ano ang nasa kaniyang puso sa lahat nitong mga taon. At ang mga paghihirap, at ang mga oras ng kalungkutan at hapis, at ang mga kritiko, at lahat ng ibang mga bagay pa, ngunit gayon pa man ay nanatili siya sa pangitaing iyon hanggang sa ito ay mabuo.

³⁷ At nang mabuo ito, siya’y napa-atras sa pagkakatayo hawak ang maso, o ang maso ng eskultor, sa kaniyang kamay, at

pinagmasdan niya ang monumentong iyon. At ang inspirasyon ng pangitaing nakita niya, kung paanong gawin iyon, lubusang dumating ang inspirasyon sa kanya hanggang sa siya . . . Tumimo sa kaniya ang inspirasyong iyon hanggang sa siya’y mawala sa kaniyang sarili, at hinampas niya ito sa tuhod, at sinabi, “Magsalita ka!”

³⁸ Ngayoy may uka sa dakilang imaheng iyon, sa tuhod, sa kanang tuhod. Sa gawing itaas lamang ng tuhod, mga anim na pulgada, ay isang dako (Inilagay ko ang aking kamay doon) mga *ganiyan* kalalim.

³⁹ Matapos niyang gugulin ang lahat ng panahong iyon, sa loob ng napakaraming mga taon, upang gawin ito; nang mapasailalim ng—ng impluwensiya ng pagkakakitang naganap na kung ano ang nakita niya sa kaniyang puso at sa kaniyang pangitain, at ninasang makita, ito ay buo na. At nang ito ay mabuo, siya ay puno ng inspirasyon hanggang sa inakala niya na ang kaniyang sariling obramaestra ay makapagsasalita sa kaniya. At hinampas niya ito sa may binti, at sumigaw, “Magsalita ka!” At ito ay lumikha ng isang kapintasan doon. Nag-iwan ito ng isang uka sa imahen.

⁴⁰ Para sa akin, ang ukang iyon ang siyang naging dahilan upang iyo’y maging obramaestra. Ngayon, maaaring sa—sa isipan ng marahil ay kaiba ang pananaw, iniisip ninyo na iyon ang nakasira rito. Hindi, para sa akin, ito—ito ang gumawa sa kung ano iyon. Ito—ito . . . Ay dahil sa pagkatapos ng napakaraming taon ng maingat na paggawa at mga pinaghirapang gawa, at mga inspirasyon, at iba pa, sa paggawa niyon, ang kaniyang pinaghirapang gawa ay hindi nawalan ng kabuluhan. Ito ay sakdal, at iyon ang dahilan kung bakit siya ay sumigaw, “Magsalita ka!” Sapagkat, nakita niya sa kaniyang harapan na (noon) nagawa niyang maisakatuparan, ang bigyang kaganapan ang pangitaing nasa kaniyang kaisipan. At samakatuwid, sa ilalim ng inspirasyon, siya ay nakagawa ng isang bagay na labas sa katuwiran, labas sa karaniwan. Hinampas niya ito, at sumigaw, “Magsalita ka!” Kita n’yo, hindi niya sana nagawa iyon kung kanyang naisip. Ngunit hindi siya nag-isip. Iyon ay inspirasyon dahil nakita niyang yaong nasa kaniyang kaisipan ay nakatayong ganap sa kaniyang harapan.

⁴¹ Ang kaniyang mga paghihirap, at mga kapaguran, at mga pagpupuyat, at pagkahiwalay sa mundo sa maraming mga araw, at marahil ay kakain ng isang tinapay. At—at bubulihin iyon, at babalikan, at, “Hindi, iya’y hindi ganoon dati. Ngayon ito’y kailangang maging *ganito*,” at bubulihin iyon. Pagkatapos nang makita niya iyon, sadyang ganap, kung magkagayo’y nakita niya sa katunayan. Ang negatibo ng kung ano ang nasa kaniyang kaisipan ay naging totoo, ito ay naging positibo, samakatuwid ay may kung anong lumukso sa kaniya. At ito ay naging napakatotoo na kinailangan niyang sumigaw, “Magsalita ka!”

⁴² Para sa akin, ito ay isang repleksyon. Ito ay—ito ay isang papuri sa kaniyang gawa, na ang sarili niyang gawa ay gayon na lamang ang pagkasi sa kaniya, hanggang sa siya ay mawala sa sarili at hampasin ito at magsabing, “Magsalita ka!”

⁴³ Ako ay tumayo roon at pinagmasdan ang monumento. Naisip ko ang mga oras na ginugol ng taong iyon, sa paggawa nito. Sinabi nila kung ilang mga taon iyon. Ngunit ito—ito ay isang repleksyon sa kaniya, sapagkat ito ay isang ambag sa kaniyang—sa kaniyang dakilang sining, ang kaniyang dakilang likha ng kung ano ang kaniyang ginagawa. At nang sa kahulihan ay matupad niya ito, ito ay naging napakadakila.

⁴⁴ Ngayon, ilipat natin ang pahina, ni Michelangelo, at ipinid ang aklat.

At buksan natin ang isa pang Aklat at basahin ang tungkol sa dakilang Eskultor, ang Makapangyarihan sa lahat. Siya, na bago pa man magkaroon ng sanlibutan, at bago pa mailatag ang mga saligan, ay taglay na sa Kaniyang isipan kung ano ang nais Niya, at nais Niyang likhain ang tao ayon sa Kaniyang Sariling larawan. Nais Niyang makalikha ng bagay sa—sa katunayan ng kung ano ang isang pangitain sa Kaniya, kung ano ang nasa Kaniyang isipan.

⁴⁵ Ngayon, kay Michelangelo, iyon ay isang katangian ng kaniyang isipan.

At nais ng Diyos na lumikha ng isang tao ayon sa Kaniyang larawan, ang dakilang Eskultor, at Siya ay nagpasimulang gumawa sa kaniya. At napansin nating habang binubuo Niya mula sa mga sangkap. Ang una marahil ay mga isda, at pagkatapos ay mga ibon, at—at pagkatapos ay mga bagay na gumagapang sa lupa, at—at ang marami pang mga bagay na Kaniyang pinalitaw. Ngunit, sa katapus-tapusan, habang Siya ay malungkot na nag-iisip, bilang Manlilikha, Siya ay may. . . Hindi Siya katulad ng isang tao, ngayon, isang eskultor na kailangang kumuha ng isang bagay na nilikha, upang makaukit ng isang larawan. Siya ang Eskultor ng mga bagay na Walang Hanggan. Siya ang Eskultor na magagawang lumikha at magpalitaw ng kung ano ang nasa Kaniyang kaisipang nais Niyang gawin. O, sa kabilang dako, magagawa Niyang lumikha ng kung ano ang hangarin ng Kaniyang mga katangian.

⁴⁶ At habang Siya ay nagpapasimula sa paggawa ng mga bagay na gumagapang, tulad ng—ng—ng mumunting mga hayop sa lupa. At pagkatapos ay pinasimulan Niya itong dalhin mula roon patungo sa iba pang bagay, sa mas mataas. Pagkatapos sa kahulihan ay ginawa Niya ito sa mas malalaking mga hayop, gaya ng leon, tigre, oso. Pagkatapos idinako Niya ito sa—sa—sa buhay marahil ng—ng mga unggoy at mga bakulaw, at iba pa. Ngayon, hindi isang ebolusyon, na gaya ng ating iniisip na

nagmula ang isang iyon mula sa isang e- . . . Iyon ay isang ganap na nilikha; ang Diyos ay gumagawa ayon sa isang padron.

47 Ngunit sa kahulihan ay may lumitaw sa ibabaw ng lupa, isang kasakdalan, at iyon ay isang lalaki. Nang magkagayo'y nakita Niya sa lalaki iyon, na iyo'y kamukha Niya. Kaya nang pagmasdan Niya siya, siya ay isang larawan ng kung ano ang kaniyang Manlilikha. Nagawa na ngayon ng Diyos na gawin ang bagay na nais Niya, isang lalaki ayon sa Kaniyang sariling larawan.

48 At ngayo'y maaari kong sabihin, dito, na, nang lalangin Niya ang taong ito, may isang bagay tungkol sa kaniya na tila hindi tama, dahil sa siya—siya ay nag-iisa. At gayon dati ang Diyos, nag-iisa lang Siya; Siya ay ang Walang Hanggan. At ang tao ngayon, sa larawan ng Diyos, ay nabuhay din sa lupa na nag-iisa. Kung kaya't kinailangan marahil ng Diyos na hampasin nang bahagya sa kaniyang kaliwang tagiliran, at mula roon ay kinuha Niya ang pirasong natanggal mula roon at ginawa'n siya ng isang katuwang, isang asawang babae, nang magkagayo'y hindi na siya nag-iisa. Siya ay—siya ay, siya ay mayroon nang kasama. At iyon ang Kaniyang dakilang gawa.

49 At, Siya, tulad ng kahit sinong dakilang eskultor ay kukunin ang kaniyang—kaniyang—kaniyang obramaestra . . .

Ngayon, una, mayroon na Siyang isang obramaestra ng Kaniyang Sarili. Ngunit ngayon ay nakita Niyang malungkot ang obramaestra, tulad Niya noon, kaya't hinati Niya ang obramaestra sa pamamagitan ng paghampas dito sa tagiliran at nagpalitaw ng isang katuwang.

50 At ngayon, upang gawing isa ang dalawa, inilagay Niya sila, gaya ng kahit sinong dakilang eskultor, sa isang dako na—na maganda.

Ang isang—ising eskultor ay hindi gagawa ng isang dakilang obramaestra, at pagkatapos ay kukunin ito at ilalagay sa isang kalyehon kung saan, o itatago ito sa likod ng mga gusali. Gaya ng sinabi ng ating Panginoon sa atin, “Ang isang tao ay hindi magniningas ng isang ilawan at ilalagay ito sa ilalim ng isang takalan.” Kapag tayo ay naging mga obramaestra ng Diyos, tayo'y hindi itinatago sa isang kalyehon kung saan. Tayo—tayo'y kailangang magbigay ng Liwanag.

51 Kaya makikita natin na—na Siya, pagkatapos Niyang likhain ang obramaestrang ito, inilagay Niya ito sa ibabaw ng lupa, at inilagay ito sa pinakamagandang lugar na mayroon, sa hardin ng Eden. Inilagay Niya ang Kaniyang obramaestra, ang dalawa bilang isa, sa hardin ng Eden. Gaanong nakalulugod iyon sa Kaniya, ang makita Niyang ang obramaestrang ito ay ganap. Siya, pagkatapos noon, ay nakita nating Siya ay nagpahinga; Siya ay nasiyahan ng husto sa Kaniyang gawa.

⁵² Ngayon alalahanin na, ang aking palagay, ang obramaestra ay ang hampas na puminsala sa obramaestrang monumento ni Moises na gawa ni San Angelo.

At ang hampas ang bumiyak sa tagiliran ng Kaniyang obramaestra, na siyang nagpalitaw sa nobya. At ngayon makikita natin sila bilang isang obramaestrang pamilya sa hardin ng Eden. Gaano kaganda iyon! At ito ay labis na nakalugod sa Kaniya, hanggang sa Siya—Siya ay namahinga na. Ang sabi Niya, “Ako, Ako’y magpapahinga.”

⁵³ Ngunit habang Siya ay nagpapahinga at nagtitiwala sa Kaniyang obramaestra, ang Kaniyang kaaway ay dumating at natagpuan ang dakilang obramaestrang ito. At siya, sa pamamagitan ng pandaraya, siya—siya ay gumapang sa ilalim ng—ng mga pader ng hardin, at pagkatapos ay kaniya—kaniyang sinira ang magandang obramaestrang ito. Kaniya—kaniya itong sinirang lubos, kung kaya ito—ito ay nahulog.

⁵⁴ Ngayon ako’y nagsisikap na pagmasdan ang orasang iyan. At hiniling ko kay Mike, ang aking pamangkin, na patunugin ang kampanyang iyon pagkaraan ng tatlung minuto, ngunit ako. . .Hindi pa niya ginagawa iyon, at ako’y nakatatlung minuto na. Ngunit, ito’y, tayo ay magpapatuloy nang kaunti pa. Kita n’yo? Ngayon, hindi ko nais na—na sirain ang mga patakarang ito. Ako—ako ang gumawa ng mga patakarang ito, kita n’yo, at ako—ako. . .At narito’t sinisira ang sarili mong patakaran.

⁵⁵ Ngayon pansinin, pagkatapos, ang obramaestrang ito. Nang mahawakan ito ni Satanas, ang mandaraya, nakalusot sa mga pader, at—at pininsala niya ang obramaestrang ito. Sapagkat sa paraang ginawa niya ito, ano. . .Paano niyang ginawa iyon? Ako’y tutungo sa buong detalye nito. Kung paano Niya ginawa ito, ay. . . Ang obramaestrang ito ay napapaderan ng Salita, Salita ng Diyos. At ang obramaestra, mismo, ng pamilya, ay pinagtibay ng Salitang ito. Ngunit ang bahaging natapiyas, na naihiwalay sa orihinal, ay lumampas sa pader na iyon, at binigyan si Satanas ng isang pagkakataon upang pinsalain ito. At ngayon dahil batid ninyo ang aking paniniwala tungkol sa mga bagay na iyon, kaya hindi ko na kailangang sabihin pa iyan. Ngunit ang obramaestra ay nawasak.

⁵⁶ Ngunit ang dakilang Eskultor, nang makita Niya ang pagkalugmok ng Kaniyang pamilya, ang obramaestra, hindi Siya papayag na hayaan na lamang itong nakahandusay doon, nakasubasob, at wasak. Siya ay nagtrabaho, kaagad, upang gawin itong muli. Hindi Siya makapapayag na ito ay mawasak, nakalugmok na lang doon nang ganoon sa buong panahon. Sapagkat, Siya ay Diyos, at hindi Siya maaaring magpagapi. Kaya agad Siyang gumawa at nagsimulang bumuong muli nang ayon sa Kaniyang Sariling larawan, ng isang tao.

57 Ngayon, napag-alaman natin na ang pagbaha ay dumating at sinira ang lahat ng bagay, sapagkat ang mga tipang ginawa, ay ginawa nang may pasubali, “Kung hindi mo gagawin *ito*, o kung gagawin mo *iyon*.” Ang Diyos, ang dakilang Eskultor, ay nakita Niyang hindi–hindi kayang tumupad ng tao ng isang tipan. Sadyang hindi niya kayang gawin *ito*. Wala talagang anumang paraan.

Sa panayam kani-kanina pa lang ay nakikipag-usap ako sa isang tao sa loob ng silid, na naririto ngayon. Ang sabi, “Ngunit, Kapatid na Branham, marami akong mga bagay na aking–alam kong mali,” at isang–isang munting babaeng makadiyos.

58 Ika ko, “Ngunit–ngunit, tingnan mo, kapatid na babae, huwag kang titingin sa iyong sarili. Ito’y kung ano lamang ang iyong hangarin at kung ano ang iyong sinisikap na gawin. At kung tunay na iniibig mo ang Panginoon, sikapin mong paglingkuran Siya ng buong puso mo, at nang magkagayo’y ang lahat ng iyong mga pagkakamali ay naitago na sa Dugo ng Panginoong Jesus.” Kita n’yo? Kita n’yo, Siya’y gumawa ng isang paraan.

59 Kaya’t Siya ay nagsimula ngayon na, alisin ang tao mula sa Kaniyang mga tipan, sa–sa pagsasabing, “Kung gagawin mo, ay gagawin ko.” At pinasimulan Niya sa isang lalaking tinawag na Abraham, at pinagkaloob kay Abraham ang isang tipan, nang walang pasubali. Sa tuwing Siya ay magpapasimula ng isang obramaestra, kinukuha ito ni Satanas, sapagkat ang Salita... Ngunit nang Siya ay magpasimula kay Abraham, sinabi Niya, “Nagawa Ko na *ito*. Ngayon *ito* ay walang pasubali, hindi kung ano. . . na–na, ‘Kung gagawin mo, ay gagawin ko,’ kundi, nagawa ko na *ito*.” Ngayon Siya, ang–ang Eskultor, ay determinadong mapasa Kaniya ang obramaestrang *ito*.

60 Pagkatapos, mula kay Abraham, dumating ang mga patriyarka. At ang mga patriyarka ay tunay na... Ngayon ano’ng ginagawa ng Diyos? Muli Niyang ibinubuo ang obramaestrang *ito* na nalugmok. Kaya, sa mga patriyarka, ang una nating natagpuan ay si Abraham.

61 Ngayon pagmasdan, bawat obramaestra ay inilalagay sa isang pundasyon, ang isang eskultura. Ang monumento ni Moises na gawa ni Angelo ay nakapatong sa tatlo o apat na piyeng piraso ng marmol. Ito ay mayroong pundasyon. Kaya, ang Diyos, sa paghahanda sa obramaestrang *ito*, inilagay Niya *ito* sa isang pundasyon ng mga patriyarka. At ang pundasyon ng patriyarka, una, ay si Abraham, sumunod si Isaac, sumunod si Jacob, sumunod si Jose, ang apat na mga kanto.

62 At, ngayon, si Abraham ay ang pundasyon ng pananampalataya. Sabihin nating mayroon itong apat na mga pundasyon. Ang pundasyon ng pananampalataya ay si Abraham. Ang pundasyon ng pag–ibig ay si Isaac. Ang

pundasyon ng biyaya ay si Jacob, ang biyaya ng Diyos kay Jacob; alam iyan ng kahit sino. Ngunit ang na kay Jose ay kasakdalan, doon Niya maaaring ilagay ang monumento; hindi sa unang pundasyon, sa ikalawang pundasyon, sa ikatlong pundasyon, kundi sa ikaapat na pundasyon.

⁶³ Inilarawan ni Abraham si Cristo, mangyari pa; gayon din si Isaac, sa pag-ibig. Ginawa nga ni Abraham, sa pananampalataya; ginawa iyon ni Isaac, sa pag-ibig; ginawa iyon ni Jacob, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya. Sapagkat, ang *Jacob* ay nangangahulugang “mandaraya,” at ganoon nga siya, ngunit ang biyaya ng Diyos ay taglay niya. Ngunit pagdating kay Jose, walang anumang laban sa kaniya, kahit isang maliit lamang na gasgas, sapagkat ang pundasyon ay nararapat na isa ring obramaestra. Nang sabihin niya sa kaniyang ama, ang propeta, “Sabihin mo kay Faraon na ang iyong mga tauhan ay mga—ay mga tagapag-alaga ng mga baka at hindi mga pastol, sapagkat ang isang pastol ay karumal-dumal sa mga Egipcio.”

⁶⁴ Ngunit nang ang matandang propeta ay napasa harapan ni Faraon, sinabi niya, “Ang iyong mga alipin ay mga pastol.” Kaya’t ito ay gumalos dito, kita n’yo, iyan ang dahilan kung kaya’t ito pa rin ay obramaestra.

⁶⁵ Ngayon ang mga pundasyon ay nailagay na, sa pamamagitan ng pananampalataya, pag-ibig, biyaya, at hanggang kasakdalan, sa pamamagitan ng mga patriyarka.

⁶⁶ Ngayon ang paggawa sa katawan na isinagawa sa dakilang obramaestrang ito ay ang mga propeta, na siyang Salita. Umaasa akong nababasa ninyo ito. Kita n’yo? Ang mga propeta; hindi ang mga kautusan! Ang mga propeta, sapagkat ang mga propeta ay ang pinatunayang Salita na bumubuo sa katawan; hindi ang mga patriyarka. Ang mga propeta, sila ang Salita noon.

⁶⁷ Sa kahulihan, nang Siya ay magpasimula mula pa sa mga araw ni Moises at dumating hanggang sa mga propeta, sa bawat isa. At, sa katapusan, binubuo ang katawan, palapit nang palapit sa bawat oras. At ang pinakadakila sa kanilang lahat ay si Juan. Sinabi ito ng Biblia. Sinabi ito ni Jesus. “Wala kahit isang lalaki, na isinilang ng isang babae, na kasing dakila ni Juan Bautista,” dahil siya ang isang makapagpapakilala sa Salita.

⁶⁸ At pagkatapos ay dumating, sa wakas, ang dakilang Ulo, ang Ulo ng lahat ng ito. Ang iba pang bahagi ng katawan ay nangusap lamang tungkol Dito. Ang pundasyon ay inilatag ng patriyarka; ngunit ang katawan ay itinayo ng Salita, na siyang mga propeta; at heto’t parating ang Ulo ng lahat ng iyon, si Jesus ay dumating sa eksena. Doon, nang ang pinaka Ulo ay mailapat na roon, nakita natin sa Kaniya ang kabuuan ng gawang kamay ng Diyos. Natagpuan natin sa Kaniya ang sakdal na larawan ng Salita, dahil Siya ang Salita, ang buong kapuspusan ng Salita.

Ngayon, minsan pa, taglay na naman ng Diyos ang Kaniyang sakdal na Obramaestra.

Tulad ng sinabi ni Isaias, “Masdan ang Aking Lingkod, ang Aking Obramaestra, na Aking inilarawan sa lahat ng panahon yaong Isang sakdal na darating. At narito Siya ay nakatayo sa Aking harapan, isang sakdal!” Doon, sa Kaniyang Sariling wangis, inilalarawan ang Diyos! Sapagkat sinabi Niya, sa San Juan 14, “Kapag nakita ninyo Ako, ay nakita na ninyo ang Ama.”

⁶⁹ At, pagkatapos, “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos,” at ang Salita ay tinabtab at inilarawan nito kung ano ang Salita sa pasimula. Siya, ang Salita, nailalarawan sa Obramaestra sa Sarili Niyang larawan, ang Diyos muling nagbalik sa sarili Niyang larawan, ang Salitang anyo nailalarawan sa wangis ng isang tao, ang Obramaestra.

⁷⁰ Ang lahat ng mga propeta ay may kapintasan; lahat sila’y may bahagi. Ngunit narito, sa wakas, umabot ito rito matapos dumaan sa mga iyon, sa kahulihan ay dumating ang Obramaestra, Yaong sakdal, walang anumang pagkakamali sa Kaniya, napakasakdal inilarawan yaon Mismong Gumawa, ang Kaniyang Sariling larawan ay naipamalas sa Kaniyang Gawa. “Ang Diyos at si Cristo ay Iisa,” sukdulang ilagay Niya ang Kaniyang Sariling Espiritu sa Kaniya, at nang magkagayon maging ang larawan at ang Gumawa ay naging Isa. Ang Diyos at ang Kaniyang nililok, ang Kaniyang Obramaestra! Kung saan si Moise—si Moises ay, sa gawa ni San Angelo, ay isang . . . o si Michelangelo, pala; ay isang—isang lilok ng eskultor na walang buhay, sapagkat ito’y yari sa bato. Ngunit dito, ang Maestro-Eskultor, nang maganap Niyang sakdal ang Kaniyang gawang kamay, Siya ay humakbang Dito.

⁷¹ Napakasakdal na Manunubos ng tao, napakasakdal, napakabanal; subalit, walang kagandahang magnanasa tayo sa Kaniya. Nang ang Anak ng Diyos na buhay na isinilang ng isang birhen ay maging napakasakdal, at mapagpakumbaba, at kawangis ng Diyos, hanggang sa ang dakilang Maestro Na nagdala ng Kaniyang Buhay sa pamamagitan ng mga propeta . . . At Siya ang tumutupad sa lahat ng mga propeta. Siya ay napakasakdal, hanggang, sa nang makita ito ng Diyos, Kaniya Siyang hinampas at sumigaw, “Magsalita Ka!” tulad ng ginawa ni Michelangelo. “Magsalita Ka!”

Sasabihin mo, “Gano’n ba iyon?”

⁷² Sa San Marcos 9:7, ay makikita natin, sa Bundok ng Pagbabagong Anyo, nang doon ay nakatayo si Moises, ang kautusan, doon ay nakatayo si Elias, ang mga propeta. Mula pa roon sa mga patriyarka, ang mga ama, ang kautusan, ang mga propeta, at lahat ng mga ito ay nakatayo roon. Naririnig natin ang isang Tinig na nagmumula sa ulap, at nagsabi, “Ito ang isinisinta Kong Anak; pakinggan ninyo Siya!” At kung

sila'y makikinig, Siya'y dapat magsasalita. Noon ay ilang araw na lamang bago Siya hampasin. "Ito ang Aking Anak, na Aking kinalalugdang panahanan. Hinubog Ko Siya. Gumugol Ako ng apat na libong taon upang madala Siya sa ganito. At ngayon, napakasakdal Niya kaya't, kailangan Ko Siyang hampasin upang Siya ay makapagsalita. Pakinggan n'yo Siya! Siya Yaong sinakdal. Siya, Siya ang Obramaestra."

⁷³ Alalahanin, Siya ay nailarawan sa lahat ng panahon, mula pa sa Lumang Tipan.

Makikita nating Siya ang Bato sa kagubatan, na hinampas, ang Bato sa ilang. "Ako ang Batong iyon na nasa ilang." Ngunit iyon ay isang bato na hindi pa umaabot sa kaniyang kasakdalan. Ngunit sa anyong tipo sinundan Nito ang iglesia, upang mula Rito ay mahugot iyan na mahuhugot Niya, at makapagbigay Buhay Siya sa kanila Na mabibigyan Niya ng Buhay. Ngunit Siya ang Batong iyon sa ilang. Hindi pa Siya nagagawang tao noon. Siya ay nasa tipo pa lamang.

⁷⁴ Nakita Siya ni Moises na nakatayo sa ibabaw ng Batong ito. Nakita niya Siyang dumaan, at ang sabi niya, "Ito'y likurang bahagi ng isang lalaki." Kita n'yo, inilalarawan ng Eskultor kay Moises, kung ano ang magiging larawan ni Cristo, kung ano ang magiging anyo ng dakilang Obramaestra kapag Ito ay buong-buo na. Pinaraan Niya ang Kaniyang. . . Kaniyang isinalin, o—o ipinamalas kay Moises ang pangitain ng kung ano ang magiging anyo ng Obramaestra. Ito'y likurang bahagi ng isang lalaki, nang Ito ay dumaan doon sa ilang.

⁷⁵ Alalahanin, ang magagawa lamang ni Angelo ay ang sumigaw at hampasin ang larawan, at sabihing, "Magsalita ka!"

Ngunit ano'ng pagkakaiba nito sa Diyos, ang dakilang Eskultor. Nang Siya ay lumikha ng isang tao ayon sa Kaniyang Sariling wangis, napakasakdal nito hanggang sa nailarawan Siya Nito, ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ng larawan ng tao, ipinakikita kung ano ang Kaniyang gagawin. Nangusap Siya sa pamamagitan ng mga propeta dahil sila ay nasa potensiyal nilang wangis, habang ibinubuo Niya itong papaitaas patungo sa Ulo. Ngunit nang Siya ay umabot na sa Ulo, Siya ang kabuuan ng wangis ng Diyos; ipinamamalas Niya ang Kaniyang Sarili. Nang magkagayon, hinampas Siya para sa atin, Siya ngayon ang Obramaestra para sa atin, ang Kalooob ng Diyos, si Jesus Cristo, ang Buhay na Walang Hanggan. Umaasa akong hindi natin kalilimutan iyan.

⁷⁶ Habang nakikita nating ang mga araw ay dumidilim, habang nakikita nating ang mga anino'y dumaratal! Nang, aking ihula, "Ilang ikot na lamang ng araw. Ang bansang ito ay mawawasak na." Alam ba ninyo. . .

Kahapon, ikaapat ng Hulyo. Nilagdaan ni Thomas Jefferson ang deklarasyon ng kasarinlan, siya kasama ng iba pang lupong

kasama niya, at ang Kampana ng Kalayaan ay umalingawngaw, at tayo ay idineklarang isang kasarinlan, bilang isang bansa. Ayon sa kasaysayan, hindi pa nagkaroon kailanman ng demokrasya sa anumang pagkakataon sa huling dalawandaang taon. At iyan ay noong 1776, ikaapat ng Hulyo. At may labing isang taon pa tayong nalalabi. Aabot pa kaya tayo? Hindi, hindi na, kita n'yo. Labing isang taon. At, kung ito man ay mangyari, sisirain nito ang lahat ng kasaysayan.

⁷⁷ At nakikita natin ang kalagayan ng panahon. Nakikita natin ang kalagayan ng mga tao. Nakikita natin ang kalagayan ng mga pulitika. Nakikita natin ang kalagayan ng sanlibutan. Hindi na ito makatatayo. Ito'y kailangan nang lumubog, gaya ng Titanic. Nararapat na itong bumagsak, upang magbibigay puwang. Ang bawat bansa ay nagbibigay puwang sa iba, sa pagbagsak nito. At ang kahariang ito ay dapat nang bumagsak, at ang bawat iba pang kaharian, upang magbigay puwang sa Kahariang iyon na darating, na hindi maaaring bumagsak. "Sapagkat tayo ay tumatanggap ng isang Kaharian na hindi matitinag," sa pamamagitan nitong sakdal na larawan ng Diyos, ang Obramaestra.

⁷⁸ Ang Diyos, nang Siya ay tumingin sa Kaniya, Siya ay inspiradong-inspirado! Siya ay lubos na...ang makita Siya sa Kaniyang anyo, at upang makita ang—ang anyo Niya, inspiradong-inspirado Siya na iyon na ang magiging sakdal na Obramaestra ng isang Manunubos, si Jesus ang Manunubos. Kaya, ang Diyos, upang Siya'y mahampas, Siya Mismo; sapagkat, para mabayaran ang Kaniyang Sariling multa, ang Diyos at si Cristo ay naging Isa, para ang Diyos ay mahampas sa pamamagitan ng Larawan, para Siya ay mapilatan. At iyan ang dahilan kung bakit sinabi ni Isaias, "Ating ipinalagay na dinalamhati ng Diyos. Gayonman Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan; ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kaniya, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay tayo ay nagsigaling."

⁷⁹ Ang sakdal na Wangis, ang Diyos-na-Tao! Ang Diyos, sa pagka *en morphe*, ay nagbago mula sa Supernatural tungo sa pangitain, at ang pangitain ay naipamalal sa Larawan. At ang Larawan ay hinampas upang matikman ng Supernatural ang pakiramdam ng kamatayan, ang sakdal na Obramaestra ng Diyos.

Hindi Niya iyon magawa kay Moises. Hindi Niya iyon magawa sa mga propeta; kay Isaias, na nilagari ng pang-lagari hanggang sa siya ay magkapira-piraso. Hindi Niya magawa iyon sa mga propetang pinagbabato. Hindi Niya iyon magawa, sapagkat hindi Niya mararamdaman iyon; bahagi lamang Niya ang naroon.

Ngunit sa sakdal na Obramaestrang ito, Siya ang buong kapuspusan ng Diyos sa laman. Hindi lamang si Moises ang maipamalas Niya; magagawa Niyang ipamalas ang kabuuan Niya sa Personang ito, at tikman ang kamatayan para sa buong sangkatauhan. Ang sakdal na Obramaestra ng Diyos! Ang Diyos, ay lubos na nakasihang nang makita Niya Ito, Siya ay naging Manunubos ng lahat ng panahon; upang mangusap para sa kanilang mga nasa likuran, na nauna noon, at ngayon.

⁸⁰ Ang lahat ng mga pangako ay nakatagpo sa Kaniya. Siya ang Kasakdalan ng kasakdalan. Ang lahat ng mga tipo ay natupad sa Kaniya; ang ating Kalahing Manunubos, kay Ruth at Boaz; ang ating tagapagbigay-ng-Kautusan, mula sa Bundok ng Sinai; ang ating Propeta, mula sa ilang, habang Siya'y galing sa bundok, habang Siya ay parating mula sa ilang; habang Siya ay parating mula sa Walang Hanggan at maging tao, ang sakdal na Wangis!

⁸¹ Ang Diyos, sa lahat ng kapanahunan, tumatabtab, sa pamamagitan ng mga patriyarka, at ginawa ang Kaniyang plataporma, at binuo ang mga ito mula sa iba't-ibang mga bagay kung saan ay maaari Niyang ilatag ang pundasyong ito. Sa ibabaw nito ay sinimulan Niyang itayo ang Kaniyang Salita, ang mga propeta. At pagkatapos, sa kahulihan, ay humantong siya sa sakdal na Propeta, ang sakdal na Pundasyon, ang sakdal na pangitaing taglay ng Diyos.

⁸² At ngayon, upang ito ay makapangusap, Siya ang Salita. At para makapangusap ang Salita, kailangan Niyang tumungo sa Larawang iyon. At kung magkagayon para makapagsalita ang Larawan, kailangan itong hampasin. Siya ay pumasok sa Larawan, at nang magkagayon para Siya makapagsalita, ang sakdal na Manunubos.

⁸³ Lahat ng tipo sa Lumang Tipan ay natupad sa Kaniya. Gaya ng sinabi ko noong isang araw, ang Jehova ng Lumang Tipan ay ang Jesus ng Bago. Oo.

⁸⁴ Tulad ng marami sa inyo, mga lalaki, mga babae, mga kaedad ko; dati tayong mayroong, sa buong bansa, napakaraming mga palabahan ng mga Intsik. Nang ang mga Intsik ay magsimulang pumasok, galing sila sa Baybaying Kanluran, umusad sila pasilangan, pumarito mula sa bansang Silangan, patungo rito. At samantalang sila'y magkagayon, sila ay mga taong hindi gamay ang ating salita at ang ating mga gawi, ngunit sila'y mga mahuhusay na tagalaba. At hindi sila makasulat sa tiket upang matubos mo ang iyong tamang labada pabalik.

Ngunit, ang lalaking taga-Tsina, mayroon siyang isang bungkos ng mga mumunting tarheta na walang nakasulat na anuman doon. Kaya kapag ikaw ay nagpalaba, kukunin niya ang tarhetang ito at pupunitin sa isang paraan; at iaabot sa iyo ang isang piraso, at itatabi niya ang isang piraso. At, ngayon,

ito’y mas mainam nang bahagya kaysa kung anong meron tayo sa ngayon, sapagkat kapag ikaw ay bumalik para kunin ang sa iyo, ang dalawang pirasong ito ay dapat na magtugma. Hindi mo ito magagaya kahit pa gawin mo ito. Walang anumang paraan para magawa ito. Maaari kang makagawa ng kopya ng mga sulat, ngunit hindi mo magagawang gayahin ang punit na iyon. Kailangang tumugma ito nang husto sa kabilang piraso. Samakatuwid, ang mga marurumi mong damit na pinalabhan, matutubos mo ang mga ito sa pamamagitan ng tiket na ito, dahil ito ay katugma ng tiket na ibinalik.

⁸⁵ At nang ang Diyos, sa pamamagitan ng mga propeta, at sa ilalim ng kautusan, ay hinatulan tayo sa kasalanan; at ang kautusan ay walang biyaya, sinasabi lamang nito sa iyo na ikaw ay makasalanan. Ngunit nang si Jesus ay dumating sa eksena, Siya ang katuparan, Siya ang—ang katuparan ng lahat ng naipangako ng Diyos. Siya ang sakdal, kamukhang wangis ng pangako. Kung gano’n, ang lahat ng mga pangako sa Lumang Tipan ay nakatagpo kay Jesus Cristo. Hindi ito nakatagpo kay Moises, hindi ito nakatagpo sa alin man sa mga propeta, ngunit ito ay natupad sa Obramaestra. At Ito ay tumugma sa lahat ng sinabi Nitong kalalabasan Nito.

Gayon din naman ang Iglesia ay dapat maging katugma sa lahat ng bagay na ipinangako ng Diyos. Ito ay dapat na maging ang pirasong nahapak mula Rito nang ito’y hampasin. Kaya kung orihinal ay ang Salita, gayon din ang mga nasasakupang kinuha mula Rito ay dapat maging Salita, upang tumugma sa tagiliran Nito.

⁸⁶ Kung gano’n, ang lalaking Intsik, matutubos mo... Kung saan, ang kautusan ay humatol sa iyo at nagsabing ikaw ay marumi, at ikaw ay nagkasala, at dahilan ito para kayo mabilanggo. Ngunit nang Siya ay dumating, Siya ang Kapunit na piraso nito, na makapaglalabas sa iyo; at makapagpapanumbalik sa iyo, upang—upang mabuo ang tiket, ang katubusang ipinangako ng Diyos doon sa hardin ng Eden. “Ang iyong Binhi ay dudurog sa ulo ng serpente. Ngunit, ang Kaniyang sakong ang dudurog—dudurog sa kaniyang ulo.”

⁸⁷ Ngayon makikita natin itong sakdal na Obramaestrang tinapos ng Diyos. Ngayon, napansin nating nasa Kaniya ang lahat ng ipinangako tungkol sa Kaniya. Siya’y ang lahat ng mga pangako, lahat ng mga hula, lahat ng bagay na ipinangako ng Diyos. “Ang Binhi Mo ay dudurog sa ulo ng serpente.” Ngayon, hindi Niya madudurog ito sa pamamagitan ng kautusan, hindi Niya nadurog ito sa pamamagitan ng mga propeta, ngunit nagawa Niya ito nang ang Binhi ng babae ay maging Obramaestra, si Cristo. Siya yaong Batong nakita ni Daniel na tinabtab mula sa bundok. Siya Yaong makahahampas. Siya ang Isa na makadudurog, dudurog sa ulo ng serpente.

⁸⁸ Ang buhay Niya ay tumugma, ng ganap, sa buhay ni Moises. Ang buhay Niya ay tumugma kay David. Tingnan natin kung ganoon nga, kung Siya ang Pirasong-Kapunit.

⁸⁹ Pansinin si David, isang haring itinakwil, ng sarili niyang bayan. Siya ay. Isang araw habang siya ay. . . Ang sarili niyang anak ay naghimagsik laban sa kaniya, at pinaghiwalay niya at hinati ang mga hukbo ng Israel. At siya ay, si David, ay pinalayas, o itinaboy ng sarili niyang bayan, mula sa kaniyang trono.

At sa kaniyang paglabas, isang lalaking nasusuklam sa kaniya, at siya'y mag-isang lumalakad doon, niluraan si David. Binunot ng tanod ang kaniyang tabak, ang sabi, "Hahayaan ko bang ang ulo ng asong ito ay manatili sa kaniya, na lumura sa aking hari?"

Ang sabi ni David, "Hayaan mo siya. Ang Diyos ang nag-utos sa kaniyang gawin iyon."

⁹⁰ Hindi n'yo ba nakikita? "Isang lalaki ng kapanglawan, sanay sa kalumbayan. Siya ay nakatayo na gaya ng isang Tupa, sa harap ng manggugupit ng balahibo, walang imik." Sila. . . Sinabi Niya iyan. Marahil ay hindi alam ni David kung ano ang kaniyang sinasabi.

Ngunit mga lima, anim na raang mga taon ang lumipas, o higit pa ng kaunti, ang Anak ni David ay lumakad doon din sa mga lansangang iyon, at Siya ay niluraan. Ngunit pansinin kung ano ang nangyari nang, si David, mula sa kaniyang—mula sa kaniyang. . . nang siya ay maging isang pugante; at mula sa kaniyang pagkakatapon, nang siya—nang siya ay magbalik, ang lalaking iyon ay humingi ng kapayapaan at awa. Maging yaong mga humampas sa Kaniya ay makikita Siya isang araw sa Kaniyang pagbabalik.

⁹¹ At masusumpungan natin na, kay Jose, na si Jose ay isang batang kakaiba ang pagkasilang, ang huli, ang ibabaw na bahagi ng pundasyon, kung saan ang obramaestra ay itatayo. Ito ay nagpasimula sa pananampalataya, at nagtungo sa pag-ibig, at sa biyaya, dumating sa kasakdalan. At gayon din, mula sa paanan ng pasimula, nagpatuloy hanggang sa kasakdalan kay Cristo. Pansinin kung paanong Siya ay naipamalas kay Jose, ang ibabaw ng pundasyon, ang pinakasakdal sa kanilang lahat.

⁹² Masusumpungan nating si Jose ay isinilang sa kaniyang pamilya. At siya ay anak ng legal na babae, sa katunayan, kung saan ay asawa ni Jacob. At pansinin, din, na nang siya ay isilang, minahal siya ng kaniyang ama; at kinapootan siya ng kaniyang mga kapatid, nang walang dahilan. Bakit nila siya kinapootan? Sapagkat siya ay ang Salita.

Nakikita n'yo ba ang pinaka pundasyon? Nakikita n'yo ba kung paanong dumating ang ulo ng pundasyon? Ngayon, tingnan ang Ulo ng katawan, sa pagdating nito. Ngayon, pagmasdan ang pagdating ng Ulo ng Nobya. Siya ang Salita.

At kinapootan nila siya dahil siya ay isang tagapangita. Nakita niya ang mga bagay bago pa maganap ang mga ito, at sinasabi niya ito sa kanila. Naganap ang mga iyon. Gaano man ito katagal na naantala, naganap pa rin ito. At sa kaniyang pagiging espirituwal, tinakwil siya ng kaniyang mga kapatid. Dapat sana ay minahal nila siya. Ngunit kinapootan nila siya, sapagkat siya ay isang propeta at siya ay espirituwal. At kinapootan nila siya.

⁹³ Pansinin, siya ay ipinagbili sa halos tatlumpung pirasong pilak; itinapon sa hukay, at inakalang patay na, ngunit iniahon mula sa hukay. At sa panahon ng panunukso sa kaniya, sa bilangguan; ang mayordomo at ang—ang panadero, alam nating ang mayordomo ay naligtas at ang panadero ay napahamak. At sa bilangguan ni Cristo, sa krus, ang isa ay naligtas at ang isa ay napahamak; dalawang magnanakaw, dalawang makasalanan.

⁹⁴ At napansin nating hinango siya mula sa bilangguan, tungo sa kanang kamay ni Faraon; na walang taong maaaring kumausap kay Faraon, kundi sa pamamagitan lamang ni Jose. At kapag iniwan ni Jose ang luklukan ni Faraon, ang trumpeta ay pinatutunog sa buong Egipto, ang malakas na tunog ay umaalingawngaw at nagsasabi, “Lumuhod, bawat isa, dumarating si Jose!”

⁹⁵ Gayon din ang magaganap kay Jesus. Kung gaano Siya minahal ng Ama, at kinapootan ng mga maka-denominasyong mga kapatid, nang walang dahilan. Ipinagbili Siya sa halagang tatlumpung pirasong pilak, gaya rin noon; at inihulog sa hukay, at inakalang patay na. Doon sa krus; ang isa ay napahamak at ang isa ay naligtas. At hinango mula sa krus; at nauupo sa kanang kamay ng Diyos, sa Kamahalan, ang dakilang Espiritu na naipamalas sa Kaniya. At walang taong maaaring kumausap sa Diyos, kundi sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Isipin n’yo ito! At kapag iniwan Niya ang Luklukang iyon, magpasimulang lumakad, “Ang trumpeta ay tutunog, at ang lahat ng tuhod ay luluhod at ang lahat ng bibig ay magpapahayag.”

⁹⁶ Alalahanin, siya ang anak ng kasaganaan. Lahat ng kaniyang ginawa ay sumagana. Maging ito man ay sa bilangguan, o saan man, nagiging maayos ito.

At hindi ba ipinangako Niya para sa Kaniyang mga anak na gagawin Niya ang lahat ng bagay ay magkakalakip-lakip para sa kanilang ikabubuti. Maging ito man ay karamdaman, bahay bilangguan, kamatayan, kapighatian, maging anuman ito, na ito ay magiging para sa ikabubuti nilang nangagsisiibig sa Kaniya. Ipinangako Niya ito, at kinakailangang ito’y matupad. Kailangan itong maparoon. Ito’y talinghaga, na nangusap sa atin sa pamamagitan Niya. Siya yaong sakdal na Larawan ng

Diyos. Ngayon makikita rin natin dito, na, kapag Siya ay muling naparito . . .

⁹⁷ Alalahanin, nailigtas ni Jose sa pamamagitan ng kapahayagan ang sanlibutan, sa pamamagitan ng kaniyang dakilang hula. Namatay na sana ang sanlibutan kung hindi dahil kay Jose.

At patay na sana—sana ang sanlibutan kung hindi dahil kay Jesus. “Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na Kaniyang ibinigay ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinuman na sa Kaniya ay sumampalataya ay huwag mapahamak.” Ang Diyos ay nag-iingat ng Buhay.

⁹⁸ Maaari tayong magpatuloy! Sapagkat, Siya ang katugma ni David. Siya ang katugma ni Moises. Siya ang katugma ni Elias. Siya ang katugma ni Jose. Ang lahat ng bagay ay nailarawan o naihula Niya sa Lumang Tipan, tumugma roon, (ano ito?) ipinakikita ng isang sakdal na Manunubos. Na, magagawa nating ilagay ang ating maruruming damit sa palabahan, puntahan at tubusin itong muli. Ito’y hugas na sa Dugo ng Kordero. Maaangkin natin kung ano ang sa atin. At ang lahat ng bagay na naging dahilan ng Kaniyang pagkamatay, maaari nating angkinin ito. Kaya, Siya ay ang sakdal na Salitang, nailarawan.

⁹⁹ Nalugod ang Diyos, ang dakilang Eskultor, na hampasin Siya, at upang gawin ito sa ganitong paraan. Makikita natin Siya kay Isaias dito, habang binabasa ko, “Minasdan natin Siyang lahat, ating ikinubli ang ating mga mukha sa Kaniya. Walang kagandahang ating mananais sa Kaniya,” pinag-uusapan Siya ng lahat, pinagtatawanan Siya. Ang ipinangungusap ko’y Siya ngayon sa araw na ito, pinagtatawanan Siya ng lahat. Kita n’yo? “Ating minasdan Siya, ating nakita Siya.” Ang *masdan* ay nangangahulugang “tingnan.” “Ating minasdan Siya na hinampas at sinaktan ng Diyos.” Subalit, Siya, para ano’t ginawa Niya ito? “Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang; Siya ay nabugbog dahil sa ating mga kasamaan.”

¹⁰⁰ Ngayon, maaari tayong magpatuloy nang magpatuloy dito, ngunit sa palagay ko’y nakukuha n’yo na ang larawang tinutukoy ko ngayon, ang Diyos muling itinatayo ang Kaniyang Obramaestra.

¹⁰¹ Ngunit huwag nating kalimutan na sa pasimula nang Kaniyang hampasin ang tagiliran ni Adan, kumuha Siya ng isang bagay sa Kaniyang tagiliran.

Ngayon, ang paghampas kay Cristo ay para sa isang layunin, iyon ay upang makakuha Siya mula sa Kaniya, ng isa, upang maging pamilya Niya, ang Nobya; makakuha Siya ng isang Nobya. Kaya nang ang Obramaestra Niya ay maging ganap, kung magkagayon ay kinailangang hampasin Niya Ito, upang

makakuha mula sa Kaniya; hindi ng iba pang piraso, hindi ng iba pang nilalang, kundi ng siya ring nilalang.

¹⁰² Kapatid ko, huwag mong pag-isipan ito ng masama, bagkus ay sumandaling mag-isip. Kung hinugot Niya mula sa Kaniya, ang orihinal na nilalang, upang likhain ang Nobya para sa Kaniya, hindi Siya gumawa kailan man ng iba pang nilalang. Kumuha Siya ng isang bahagi ng orihinal na nilalang. Samakatuwid, kung Siya ay ang Salita, ano dapat ang Nobya? Ito ay dapat na maging orihinal na Salita, ang buhay na Diyos sa Salita.

¹⁰³ Sa Kimberley, sa Timog Aprika. Minsan ako ay tumitingin sa mga diamante, kung paano kinukuha ang mga ito sa lupa. At nakita kong nakalapak ang mga iyon doon. Dahil, mangyari, ang—ang tagapamahala ng planta, o ng minahan, ay isa sa aking mga tagahatid sa hanay ng panalangin. At napansin ko ang mga diamante, nagkakahalaga ng libu-libong mga dolyares, nakatumpok, ngunit hindi kumikinang ang mga ito maging sa liwanag man. At tinanong ko sa tagapamahala ng mga minahan, ang sabi ko, “Bakit hindi kumikinang ang mga ito?”

¹⁰⁴ Ang sabi niya, “Ginoo, hindi pa natatabas ang mga ito. Kailangan munang tabasin ang mga ito. Pagkatapos, kapag ang mga ito ay natabas na, maisisinag na nila ang liwanag.” Hayun ka.

¹⁰⁵ Ang Obramaestra ay dapat tabasin. Pansinin, tabasin para sa ano? Ang pinagtabasan ba ay itinatapon na? Hindi, hindi. Ang pirasong natabas, ay ginagawang isang karayom na victrola, at ang karayom na victrola ay inilalagay sa—sa—sa plaka na may taglay na musikang hindi nakikita ng sanlibutan. Ngunit ang karayom ang siyang nagpapalitaw dito, pinalilitaw ang tunay na kapaliwanagan ng Salita.

¹⁰⁶ Ang buhay Niya ay tumugma sa lahat ng tao. Nalugod ang Diyos na hampasin Siya. At, ngayon, bakit Niya Siya hinampas? Sa katulad na dahilan nang hampasin Niya si Adan.

¹⁰⁷ Ngayo’y nakikita natin Siyang pinalo, himampas ng Diyos at sinaktan, ang sakdal na Kordero para sa mga makasalanan—mga makasalananang pinaslang, isang sakdal na Obramaestra.

¹⁰⁸ Ngayon, sa loob ng halos dalawang libong taon na, ang Diyos ay muling gumagawa ng isang Obramaestra. Sapagkat, hinampas Niya si Adan upang kumuha ng isang ob- . . . isang tapyas mula sa kaniya, bahagi niya, isang tadyang upang gumawa ng isang asawang babae para sa kaniya. At ngayon ang sakdal na Obramaestrang hinampas Niya sa Kalbaryo, Siya ay kumuha ng isang tapyas mula sa Kaniya. Ito’y ang Bagong Tipan lamang, iyon lang. Tinupad Niya ang Lumang Tipan. Ngayon naman ay ang Bagong Tipan, isa pang pirasong dapat matupad. Kita n’yo, ang Bago at Luma ay ang asawang lalaki at asawang babae. Kita n’yo? At kinailangan ang Bago upang ipa- . . . Ang

Luma upang ipamalas ang Bago; si Cristo ay dumating, ang Obramaestra, upang tuparin iyon. Ngayon ang Kaniyang Nobya ang tutupad ng lahat ng bagay na nasa Bagong Tipan. Isa pang Obramaestra ang kasalukuyang ginagawa.

¹⁰⁹ Kung paanong gumugol Siya ng apat na libong taon upang gawin ang Obramaestrang ito; ngayon naman, sa loob ng magdadalawang libong mga taon na ngayon ay gumagawa Siya ng isa pang Obramaestra, isang Nobya para kay Cristo, isa pang Obramaestra. Sa Kaniyang paggawa nito, ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng Kaniyang hindi nagbabagong kaparaanan, katulad ng pagkagawa Niya sa Obramaestra; ang Kaniyang Salita. Ganiyan Niya ginagawa ang Kaniyang mga Obramaestra, dahil magiging ganap na Obramaestra lamang ito kapag Ito'y ang sakdal na Salita.

Anumang dumi, basura, mga panturok, ito'y masisira. “Ngunit ang langit at lupa ay lilipas, datapuwat ang Salita ay hindi masisira.” Naaalala n'yo, ang pagtabas ng diamante, mangangailangan ka ng isang perpektong kasangkapan sa pagtabas nito, hindi basta kung anong kasangkapan ay maipantatabas dito. Nakita ko ang mga tone-toneladang malalaking mulihon na dumadagan dito, at inililipat ang mga tone-toneladang iyon, at pinadadaan ang diamante sa mga ito. Hindi, hindi niyon mabasag ang diamante. Kailangan itong tabasin.

¹¹⁰ Ngayon, ganito rin ang ginagawa Niya sa Kaniyang walang pagbabagong pamamaraan. Makikita natin, sa Malakias 3, ang sabi Niya, “Ako'y Diyos, at Ako ay hindi nagbabago.” Hindi Niya magagawang baguhin ang Kaniyang pamamaraan.

¹¹¹ Ngayon, gaya nang magsimula Siya kay Abraham. Pagkatapos na malugmok ang unang obramaestra, nagsimula Siya kay Abraham, sa pundasyon, upang itayo ang isa pang obramaestra.

Nagsimula Siya sa araw ng Pentecostes, upang itayo ang isa pang Obramaestra, ang orihinal na Binhi, ang Salita. Nagsimula Siya sa unang Iglesia. Ano iyon? Ang Binhi, ang Salita, ang Salitang nahayag, ang pangakong naibigay. Ang sabi ni Joel, “Mangyayari sa mga huling araw, ang sabi ng Diyos, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; ang inyong mga anak na lalaki at anak na babae ay mangaghuhula, ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip, ang inyong mga binata ay mangakikita ng mga pangitain.” Yan ang Kaniyang gagawin sa mga huling araw, dalawa, sa huling dalawang libong taon.

¹¹² Pansinin, at ito'y nagsimula bilang orihinal. Tulad nang sinabi ni Jesus, “Ang Salita ng Diyos ay isang Binhi na inihasik ng manghahasik.” At Siya ang Manghahasik na iyon. Ang Binhi ay ang Salita. At, pansinin, anumang binhi na nananatiling mag-isa ay hindi kailan man makagagawa ng anuman. Kailangan

itong mahulog sa lupa upang muling mamunga. At ang Binhing ito, ang sakdal na Iglesiang iyon, ay nahulog sa lupa sa Nicaea, sa Roma, nang siya ay maging isang denominasyon.

¹¹³ Ngayon, mga mananalaysay, alalahanin. At kayo na makikinig sa teyp na ito, siyasatin ito at tingnan kung ito ba'y hindi tama. Ang iglesia ay namatay sa Nicaea, sa Roma, nang tanggapin niya ang mga dogma at kredo, sa halip ng orihinal na Salita. Ano iyon? Naipakita ng Diyos, sa pamamagitan ng unang Iglesiang iyon, na Siya ay Diyos. Mayroon Siyang isang sinakdal na Iglesia; subalit ang Iglesia, tulad ng lahat ng iba pang mga binhi, ay kailangang mahulog sa lupa at mamatay. Ngayon, ito ay nahulog sa lupa, at namatay, at nabulok.

¹¹⁴ Alam ninyo, may nabasa akong isang aklat, dito hindi pa gaanong nagtatagal. May sumulat ng isang—isang aklat, at ang sabi, *Ang Tahimik na Diyos*. Maaaring nabasa na ninyo ito. Nakalimutan ko, ako'y—palagay ko ay si Brumback. . . Hindi, hindi ko, hindi ako tiyak kung sino ang sumulat niyon. Ngunit hindi ko maalala. Naroroon iyon sa aking aralan. *Ang Tahimik na Diyos*, ang sabi, “Ang Diyos, sa loob ng isang libong taon ng madilim na kapanahunan, ay naupo lang at ni hindi man lang iginalaw ang kahit isang kamay, at pinanood lang ang mga tapat na martir na dinadala sa hukay na kinaroroonan ng mga leon; at sinusunog sila ng mga Romano; lahat ng uri ng pagpatay; at ang mga kababaihan ay hinuhubaran ng kanilang mga damit, sinilaban ang kanilang mahahabang buhok, na may alkitran, at sinusunog sila.” Alalahanin, ang maigsing buhok ay nagsimula sa Roma. At ang mga kababaihang Cristiano ay may mahahabang buhok, kaya kanilang—kanilang itinubog ang mga ito sa alkitran, at saka—saka nila sinindihan ng apoy, at sinunog sila, at sila'y walang mga saplot; ipinakain sila sa mga leon. At ang manunulat na ito ay nagsabing, “Nasaan ang Diyos na iyan?”

O, ang pagkabulag ng tao, kung minsan! Hindi ba ninyo alam na ang Binhing iyon ay kailangang mamatay? Hindi Niya sinubukang iligtas sila. Sila ay nangabuwal na may tagumpay. Sila ay nangabuwal, duguan at naghisingalo, iniaalay ang kanilang mga buhay. Bakit? Iyon ay isang Binhi. Kailangan iyang mahulog sa lupa, muna, tulad ng sinasabi sa atin, sa unang, Juan 12. “Ang butil ng trigo, kailangang mahulog sa lupa at mamatay doon; at hindi lamang mamatay, kundi mabulok.” Ngunit lingid sa kaalaman ng denominasyong iyon na mayroon pa ring Buhay na naroon. Bagamat ang iglesia sa kaniyang sarili. . .

¹¹⁵ Sa Konseho ng Nicaea, sa loob ng labinlimang araw ng madugong debateng pampulitika, nang ang mga aristokratang iyon ay magsidating at nais na igiit ang mga matataas na taong iyon sa iglesia. At ang mga propeta ay nagsiparoon mula sa ilang, na nagsisikain ng mga damo at nababalabalan ng mga

balat ng hayop, mga tunay na propeta, at sila'y itinaboy nilang palabas. Bakit? Ang Binhi ay kailangang mahulog sa lupa. Ito'y kailangang mamatay.

¹¹⁶ Ito ay namatay sa madilim na kapanahunan, sa ilalim ng maitim na lupa. Inakala nilang nawala na ito. Alam n'yo, sa San Juan 12:24, si Jesus ay nagsabi, "Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa, ito ay mananatiling mag-isa." At ang unang Iglesia ang siyang naging bunga Nito, ang Nobyang iyon, ang Binhing iyon, ang Salitang iyon na naipahayag, na nahulog sa lupa sa Nicaea, sa Roma. [Kumatok sa pulpito ng maraming beses si Kapatid na Branham—Ed.]

¹¹⁷ Makinig, Iglesia, sa lahat ng mga bansang makikinig nito. Naroon ang inyong dumi, yaong mga denominasyon. Doon naipako ang Salita, at tinanggap nila ang dogma. At sa loob ng daan-daang mga taon ng madilim na kapanahunan, ang Kapangyarihan at pagpapamalas ng Salita ay naitago sa sanlibutan. Ang Catolisismo lamang ang namahala. Alam nating lahat iyan, sa pagbabasa ng kasaysayan. Ang Catolisismo lamang ang namahala.

¹¹⁸ Ngunit, ikaw—ikaw ay hindi makapagtatago ng isang nabigyang-buhay na Binhi, Ito'y kailangang sumibol sapagkat (bakit?) ang Dakilang Eskultor ay nagtatrabaho. Muli Siyang magtatayo. Kaya Siya'y . . .

Ang Binhi ay lumagpak, ang Salita.

¹¹⁹ Kapag nakita natin sina San Pablo, Pedro, Santiago, Juan, lahat silang sumulat ng Salita. At kanilang isinulat, ang Salitang kanilang isinulat ay nabuhay, at buhay, at Ito'y namuhay. At ating masusumpungan, matapos na ito ay magsimulang mahinog, si Juan ay nagsimulang magsulat ng mga epistola, siya ay itinapon sa Isla ng Patmos matapos siyang pakuluan sa langis sa loob ng dalawampu't apat na oras. Ngunit ang Salita ay kailangang sumibol. Kailangan Itong maisulat. Hindi nila nagawang pakuluan ang Espiritu Santo upang umalis sa kaniya, sa pamamagitan ng langis, kaya't siya ay umusbong. Hindi pa tapos ang kaniyang gawain. Siya ay namatay sa isang likas na kamatayan.

¹²⁰ Si Polycarp, na isang alagad ni Juan, ang nagpatuloy sa pagdadala ng Salita. At mula kay Polycarp ay dumating si Irenaeus. At si Irenaeus, ang dakilang lingkod ng Diyos na sumampalataya sa katulad na Ebanghelyong ating sinasampalatayanan, "Ang Salita ay tama." Ang iglesia ay nagpupumilit na pigain Ito.

¹²¹ Sa kahulihan ito ay dumating sa Nicaea, sa Roma. At doon ay nahulog ito sa lupa, pagkatapos ni San Martin, at siya ay pinatay. Sinampalatayanan ni San Martin kung ano ang sinasampalatayanan natin ngayon. Ganoon din ang kaniyang tinayuan; ang bautismo ng Espiritu Santo, ang bautismo sa tubig

sa Pangalan ni Jesus. Tinayuan niya ang katulad na katulad ng tinatayuan natin. At siya ay isang propeta, at sinampalatayanan ang buong Salita ng Diyos. At sa huli sila ay ipinako sa krus, at isinubsob sa lupa, at nanatili roon sa loob ng daan-daang mga taon, hanggang sa ito ay mabulok, ang labas Nito, ng Binhi. Ang mga abang katawang iyon ay nangabulok. Ako'y naparoon sa San Angelo, sa mga katakumba, at nakita ko kung saan sila nangamatay, at ang kanilang mga bali-baling buto at lahat ng bagay. Sa wakas ay nabulok sila hanggang sa ang kanilang mga buto ay maglaho, ngunit ang Buhay ay naroroon pa rin.

¹²² Ang butil ng trigo na nahulog sa lupa... sa Konseho ng Nicaea, nagsimulang muling sumibol, kay Martin Luther. Tulad ng iba pang butil na umuusbong, o trigo; matapos na ang mga binhi ay mabulok, ang buhay ay sumibol. At ito ay nagsimulang umusbong kay Martin Luther. Ano ang ginawa nito, ang unang bagay? Tinanggihan ang denominasyon ng Catolisismo, ipinrotestang ito ay mali. Sapagkat, sinabi niya, "Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya." Ano yaon? Isang munting nanghihinang Buhay na nagpausbong sa dalawang mumunting mga talbos. Iyon ay ang mga maka-Luther. Totoong hindi iyon kahawig ng butil na nahulog sa lupa, ngunit ang Buhay ay lumalabas na ngayon.

¹²³ Pagkatapos ito ay nagpatuloy sa tangkay. Pagkatapos ay ano'ng nangyari? Sa mga araw ni John Wesley, ano ang ginawa niya nang ipangaral niya ang pagpapakabanal? Siya ay nanatili sa Salita. At ano ang ginawa nito? Ang mga Lutheran ay nagsipagtatag ng samahan at bumuo ng isang organisasyon, kaya't panahon na iyon para mangyari ang isang bagay. Ang obramaestra ay itinatayo na ngayon. Ano ang kaniyang ginawa? Ano ang kaniyang ginawa? Tinutulan niya ang iglesiang Anglicano, lumabas sa panahon ng repormasyon tulad ng isang uhay. Ano ito? Ang binhi ay patungo na sa Buhay, lumalaki na ngayon.

¹²⁴ Ngayon, ang tangkay ay hindi pa kahawig ng binhi, gano'n din ang uhay.

¹²⁵ Ngayon, mga kapatirang Pentecostal sa lahat ng mga bansa, nais kong makinig ka, kapatid ko. Kung ito ang huling Mensaheng ipangaral ko, Ito ang aking obramaestra. Napansin n'yo ba nang ang trigo'y...ang butil ng trigong nahulog sa lupa, nang magsimula itong magbalik sa—sa anyo ng butil nitong muli?

¹²⁶ Masdan ang kalikasan. Ang kalikasan, talaga, ay Diyos. Ang Diyos ay gumagawa sa kalikasan, ito lamang ang Kaniyang magagawa. Ngunit mula sa pagbabalik-sigla ng Pentecostal, gaya ng kanilang inakala, na iyon ang Binhi; hindi iyon. Ngayon masdan. Ngunit mayroong lumitaw na katulad ng Binhi. Ngayon masdan ang sinabi ni Jesus, sa San Mateo 24:24, na, "Ang

dalawang espiritu sa mga huling araw ay magiging magkahawig na magkahawig anupa't ililigaw kung maaari pati ang mga Hirang."

¹²⁷ Ngayon, ang tangkay na iyon ay malayo ang anyo sa binhi; maging ang uhay ay hindi rin kaanyo ng binhi. Ngunit pansinin ngayon, hindi sa araw ni Luther, kundi sa huling araw.

¹²⁸ Unang-una. Mayroong mga magtatanim ng trigo na nakaupo rito. Ang unang bagay na umuusbong sa binhing trigo, aakalain mong iyon na ang binhi, ngunit (ano iyon?) iyon ay ang talupak. Ito ay bagay na nabubuo sa labas, tulad ng, upang humawak sa binhi. Bumubuo ito ng isang talupak. Ngunit ang talupak ay hindi ang binhi, walang kaibahan sa ang uhay o ang tangkay man ay hindi ang binhi. Ito'y isang tagapagdala lamang ng buhay, ang butil ng trigo, kung gayon. Sa San Juan 12, makikita mo, si Jesus ay nangungusap.

¹²⁹ Ang trigo, kasunod ng uhay (kasunod ni Wesley), sumulpot ang talupak, na siyang pinakakahawig ng butil sa lahat. Ang talupak ay pinaka kahawig ng butil. Unti-unting nakakahawig ito ng butil sa bawat pagkakataon, yaong naibaon sa lupa. At nang ito ay sumibol, ang tangkay, may Buhay doon, ngunit tiyak na hindi iyon ang butil. Umusbong ang uhay, ang polen, hindi pa rin iyon ang butil. At pagkatapos ay lumitaw ang talupak, at ito'y kahugis lamang ng trigo, kaparehong-kapareho iyon ng butil ng trigo, ngunit gayon pa man hindi pa rin iyon ang trigo. Halos kahawig sa kaparehang anyo, ganap na ganap.

¹³⁰ Ang mga Pentecostal ay nangagsilabas na tulad nang nangyayari sa trigo. Ang bawat isa ay lumabas mula sa sinundan, lumalabas mula sa sinundan, ngunit ang mga ito ay tagapagdala lamang. Sila ay tumungo sa denominasyon. At iyan ang ginawa ng Pentecostes, tumungo sa denominasyon. At ano ang ginawa ng Pentecostal nang ito ay lumabas na tulad ng ginagawa ng butil? Ito ay muling nagbalik, tulad ng sa Apocalipsis 17, tungo sa isa sa mga kapatid na babaeng denominasyon. Iyon talaga ang nangyari. Iyan ang sinabi ni Jesus.

¹³¹ Ngayon masdan. Ang Ebanghelyo ay lalabas sa pamamagitan ni Luther, sa pamamagitan ni Wesley, patungo sa Pentecostes, at sa mga huling araw ay dadayain nito ang mga Hinirang kung ito'y maaari lang. Ang mga Hinirang! O, mga kapatid na Pentecostal, hindi ba ninyo nakikita?

¹³² Ang trigo sa unang pagsisimula nito ay kahawig na kahawig ng binhi, kapag ito ay nagsimulang magkahubog tulad ng binhi, ngunit ito'y talupak. Ito ay nagdenomina, tugmang-tugma sa ginawa nila kay Luther. Sa Apocalipsis 17, pinatutunayan nito ang gayon ding bagay, tungkol sa mga iglesia.

¹³³ Ngayon, ang butil na Binhi, sa orihinal, ay nahulog sa Nicaea, dahil iyon ang unang denominasyon.

¹³⁴ Pansinin, ang Buhay na nasa tangkay, sa uhay, lahat ngayon ay nagwawakas sa Binhi. Ang Buhay na lumabas sa orihinal na Binhi, ay pumanhik sa pamamagitan ng iba't-ibang proseso, (tatlong magkakaibang proseso), at pagkatapos ay manunumbalik hanggang sa orihinal Nitong kalagayan. Aleluia! Oh, naku! Ako ang pinakamaligayang tao sa mundo, dahil ipinahintulot ng Diyos na makita ko Ito. Masdan kung gaano kasakdal ang Salita at itong mga (kalikasan) ay magkatugmang gumagawa.

¹³⁵ Tulad ng pinatunayan natin ang muling pagkabuhay; sumikat, ang araw; ang paglubog ng araw; muling sumisikat.

Ang dahong nalalagas mula sa puno, pababa sa, ang dagta patungo sa ugat; at muling bumabalik paitaas, at—at ang dahon ay muling nanunumbalik kasama nito. Ito ay nahuhulog sa lupa; sinisipsip itong pabalik ng buhay ng puno, ang kalsiyum at potash, at bumubuo na naman ito ng dahon.

Kita n'yo, ang buong kalikasan, ang lahat ng bagay ay gumagawang kaayon ng—ng Salita ng Diyos. At narito ito, tugmang-tugma, ganap na ganap sa mga Kapanahunan ng Iglesiang ito. Iyan ang dahilan na ang Banal na Espiritu ay nanaog at hinugot ang mga bagay na ito, at binuo ang mga ito para sa atin sa paraang ginawa Niya. Iya'y tugmang-tugma.

¹³⁶ Pansinin, dito, ang Buhay na nasa talupak. Sa tangkay, at sa uhay, sa talupak, lahat ay natipon sa Binhi. At ang Buhay na nasa tangkay, sumulong, ang isa ay sumulong upang mabuo ang isa pa. Ang pag-aaring ganap, ay nagbigay daan sa pagpapakabanal; ang pagpapakabanal, ay nagbigay daan sa Bautismo ng Espiritu Santo; ang Bautismo ng Espiritu Santo, ay nagbigay daan sa Mismong Espiritu Santo upang umabot sa kasakdalan, pabalik sa Salitang muli, upang ipahayag ang Sarili Nito.

¹³⁷ Ngunit, kung ano ang nagdedenomina, ay namamatay. Tulad ng Buhay, kay Luther, ay umalis para mabuo si Wesley; at—at, mula kay Wesley, Ito ay nagtungo sa Pentecostes; at, mula sa Pentecostes, ipinanunumbalik ang orihinal na Binhi. Patungo sa Pentecostes, lumabas mula kay Wesley, hanggang sa panahong iyon. Ang dahilan na ang Pentecostes ay lumabas kay Wesley, ay sapagkat hindi iyon denominasyon, ang Pentecostes ay denominasyon. Pagkatapos ang Pentecostes ay sumulong sa pagiging denominasyon, at (ano ang ginawa nito?) ito ay naging talupak. Ito ay kahawig na kahawig niyaong tunay na Bagay.

¹³⁸ At, sino ba rito, ilan ba rito ang nakakita na ng isang binhi—isang binhi ng trigo na nagsisimulang tumubo? Ano ang unang umuusbong? Ito'y katulad na katulad ng binhi, ngunit ito'y ang talupak.

Nakikita n'yo ang tatlong baitang? Tangkay; uhay, o ang polen; pagkatapos ay ang talupak; at pagkatapos, mula sa

talupak, lumabas ang orihinal na Binhi. Nakikita n'yo ba? Hindi isang Binhi; iyon ay ang Buhay ng Binhi, tumutubo sa pamamagitan nito, upang makatungo sa Binhi. Amen, amen! Nakikita n'yo ba ito? Ano ito? Isang pagkabuhay na mag-uli, ang muling pagbabalik sa pagiging isang Obramaestra, tulad ng Isang iyon na naibaon.

¹³⁹ Ang Pentecostes ay lumabas mula sa Wesley, sapagkat ang Wesley ay isang organisasyon. Lumabas ang Pentecostes, na hindi isang organisasyon, at pagkatapos ito'y naging gayon. Kailangang mangyari iyon, upang mabuo ang ipa. Ang tunay na Salita ng Buhay na naroroon, ay patungo na sa orihinal na Butil, nagdaan sa mga hakbanging iyon. Dumaan sa tangkay, pagkatapos ay sa polen; mula sa polen, patungo sa ipa; at mula sa ipa, Ito ay naging Binhi.

¹⁴⁰ Walang, tangkay, uhay, talupak, ang nabubuhay, ang mga ito ay nakapagpalitaw (sa pasimula ng kanilang pagbabalik sigla) naging mga tagahawak ng bahagi ng Buhay ng Binhi; ngunit, nang sila ay maging organisasyon, nilisan ito ng Buhay. Iya'y pinatunayan sa lahat ng kasaysayan. Walang isa mang organisasyon ang nakagawa ni isang bagay man matapos itong mag-organisa. Patay na ito. Iya'y tama.

¹⁴¹ Masdan, ang Buhay ay naglalakbay na ngayon. Ito'y sumusulong.

¹⁴² Pansinin, ano ang kanilang ginawa, ang lahat ng mga ito ay nagawa, ay napatunayan ng kasaysayan kung ano talaga ang pinagdaanan ng iglesia, hindi na ito naging kapaki-pakinabang pang muli sa Kaniya. Ang Organisasyon ay nailigpit na. Wala kailanmang, sa buong kasaysayan, isang iglesia, ang matapos nitong maitatag, na kung ano ito'y namatay. At ang organisasyon ay namatay at hindi na muling nakabangon. Hindi n'yo ba nakikita ito? Mga lalaking bulag, buksan mo ang iyong mga mata! Ang kalikasan at ang Salita ay magkasamang nag-uugnayan at pinatutunayang dito na ito ay Katotohanan, na ito ay Katotohanan. Niwan ng Buhay na iyon ang tangkay, upang mabuo ang uhay; mula sa uhay, binuo Nito ang talupak; at mula sa talupak, Ito ay muling nagtungo sa Orihinal. Pansinin, hindi na muling magiging kapaki-pakinabang sa Kaniya.

¹⁴³ Gaano kapansin-pansin ang buhay na ito, sa kaniyang pag-usad sa butil ng trigo, kaysa sa isang punong kahoy. Tinawag ng Diyos ang Kaniyang mga tao na tulad sa isang puno; kita n'yo; ang buhay ay bumababa, sa isang puno, at muling nagbabalik paitaas; bumababa at nagbabalik paitaas; kita n'yo, ito ay bumababa at nagbabalik paitaas. Datapuwat, sa butil ng trigo, ito ay pumaitaas mula sa orihinal na tangkay. . . dumadaloy sa tangkay, at sa uhay, at sa talupak; at ang bagay na kaniyang dinadaan, ay namamatay, upang hindi na muling balikan

pa ito. Ano ito? Wala na itong silbi. Ito ay sumusulong na sa kaniyang kasakdalan.

Amen! Hindi ba ninyo nakikita kung bakit kailan man ay hindi Niya ginamit ang organisasyon? Hindi na Siya makababalik pang muli roon. Patay na ito. Ngunit ang Buhay ay patuloy na dumadaloy, mula sa isa patungo sa isa. Kita n'yo, naglagay sila ng mga credo, at nagtuturok. "Ang sinumang magdagdag ng isang salita, o magbawas ng isang Salita," kita n'yo, siya'y binarahan Dito. Dapat ang Binhing Buhay ay patuloy na dumadaloy.

¹⁴⁴ Ginagamit ko ito sa isang talinghaga ngayon, ng Nobya, ang Obramaestrang papalitaw. Samantalang ang Obramaestra ay nalugmok, may isang Obramaestra namang bumabangon. Ang Obramaestra ay nalugmok sa Pente- . . . sa Nicaea, Roma, sa Nicaea. Pagkaraan ng Nicaea, Roma, Siya'y dumaan sa isang proseso, ngunit Siya ay muling magbabalik sa Obramaestrang iyon, na sakdal, 'pagkat Siya'y bahagi ng Salitang iyon na Kaniyang binigkas. Siya ay magkakaroon ng "isang Iglesiang walang dungis o kulubot." Ito'y hindi maiuugnay sa anumang paraan sa anumang uri ng organisasyon o sa isang denominasyon, ang bagay na isinumpa. Ito'y dumaan sa mga bagay na iyon, ngunit ito'y hindi na muling masusumpungan doon kailan man.

¹⁴⁵ Pasinin, ang binhi ay pumapanhik, ang Buhay na iyon ay pumapanhik, hindi na bumabalik. Wala nang iba pang muling pagkabuhay pagkatapos nito. Ang Buhay ay pumapanhik, upang umabot sa kasakdalan nito, isang muling pagkabuhay.

Pansinin, inilalabas ng talupak ang—ang. . . Pansinin, ang talupak ay naglalabas ng orihinal na Binhi mula sa kaniyang sarili. Sa Apocalipsis, sa ikatlong kapitulo, ay atin itong matatagpuan.

¹⁴⁶ Ngayon alalahanin, walang ibang iglesiang nagpalabas sa Kaniya, sa Biblia, sa alin man sa Pitong Kapanahunan ng Iglesia. Ilan ba sa inyo ang nakakaalala nito? Siya ay dumaan sa Kapanahunan ng Iglesia, upang magpatuloy na gumawa ng iba pa. Ngunit, ito na Iyon. Wala nang iba pa. Ngunit ang—ang Eskultor ay nagbalik nang muli sa kasakdalan, ang Salita. Kita n'yo? 'Wag nang bumalik. Gaano kaiba Ito. Oo. Ay!

¹⁴⁷ At pagkatapos ay pansinin, ang talupak, kapag ito ay lumabas, ay kahawig na kahawig ng Butil. Ngunit kapag ang Buhay ng Butil ay nagsimulang lumisan sa talupak, upang sumulong at buuin ang Butil (ang Nobya), ang talupak ay bumubuka at itinitiwag ang Butil. Tama ba iyan? Ang kalikasan, iyan talaga ang ginawa nito.

¹⁴⁸ Sa—sa Apocalipsis 3, makikita nating pinalabas Siya ng Kapanahunan ng Iglesia ng Laodicea. Ngayon, kita n'yo, hindi ito nangyari, doon sa ibang mga kapanahunan, sapagkat

mayroon pang ibang bagay na gagawin. Dumaan lamang ito at sumulong patungo sa kasunod. Sinabi ko sa inyo, simula't sapol, wala nang iba pang darating na mga denominasyon. Tayo'y nasa dulo na. At kanila Siyang pinalabas sapagkat (bakit?) Siya—Siya—Siya'y ang Salita, muli. Siya'y katulad niyaong Isang nahulog doon. Siya rin ang Doktrinang iyon na dumating mula sa pasimula.

¹⁴⁹ At nang ang Binhing Salita ay nagsimulang tumubo, itinaboy Ito ng talupak mula sa sarili nito. Iniwan ng Buhay ang lahat ng iba pa, upang sumunod Dito. Iyon ay ang mga tunay na mananampalataya, sinusundan nila ang Buhay saan man tumungo ang Buhay.

¹⁵⁰ Tulad sa Israel, isang sakdal na tipo, kung may oras pa sana tayo; ilang minuto na lang ang nalalabi sa akin. Ngunit sa isang sakdal na tipo, sa pasimula, saan man magtungo ang Haliging Apoy na iyon ay may Buhay. Ang Diyos ang Liwanag na iyon. At hindi mahalaga sa akin kung hatinggabi, o kung sila man ay nasa isang mabuti't piling dako; kapag ang Haliging Apoy na iyon ay kumilos, ang trumpeta ay tutunog at kikilos ang Israel kasama Nito.

Aleluia! At nang ang trumpeta ay tumunog, si Martin Luther ay lumabas kasama Nito. At siya'y nag-organisa, pinatay. . . hindi siya sa kaniyang sarili; kundi ang mga taong sumunod sa kaniya. At pagkatapos ay kinuha ng Diyos ang Buhay palabas niyaon, dinala Ito, inilagay ito sa libingan.

¹⁵¹ Pagkatapos ay lumabas si Wesley. Nakita niya ang malaking organisasyong iyon, kaya't pinatunog niya ang trumpeta, ng pagpapakabanal, karagdagang Salita. Kita n'yo? Nang magkagayon, sila ay nagsilabas, kaagad lumabas kay— kay Luther, patungo sa pagiging Metodista.

¹⁵² At nang makita Ito ng Pentecostes, pinatunog nila ang—ang trumpeta, oras na para sa pagbabalik ng mga kaloob. Nakita n'yo kung ano ang kanilang ginawa? Pinatunog nila ang trumpeta, at sila ay nagsilabas. Pagkatapos ay nagtatag sila ng organisasyon.

Ngunit, alalahanin, pagkatapos ng talupak, iyon ay ang tatlong hakbanging alam natin, wala nang iba pang nalalabi kundi ang Butil. O Diyos! At pagkatapos ang Butil ay pinalabas mula sa lahat ng ito. Amen at amen! Nagsimulang buuin ng Binhing Salita ang kaniyang Sarili, ang Buhay ay nailabas mula sa . . . Ngayon pansinin, kung ang Kasintahang Lalaki, ang pasimula, ang unang, Kasintahang Lalaki . . . Ito ay ang Nobyang paparating.

¹⁵³ Alalahanin, ang Iglesia ay nagpasimula sa Pentecostes, at Ito ay nahulog sa Nicaea. Ito ay sumibol, hindi tulad ng tunay na Butil, hindi; naroon ang ilang bahagi ng Buhay, ngunit ito ay sumibol upang bumuo ng isang organisasyon. At Kanyang hinatak mula sa organisasyong iyon. At pagkatapos

ano'ng ginawa Nito? Nang magkagayon Ito ay sumulong, mula sa organisasyong iyon, Ito ay nagtungo sa isa pang organisasyon, tungo sa iba pang antas ng Salita; pag-aaring ganap, pagpapakabanal, bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo? At sa pagdaan Nito sa tangkay at sa proseso, ay nagpapatuloy Ito sa pagsulong.

¹⁵⁴ Alalahanin, ang munting polen ay higit na, ang uhay ay higit na kahawig ng Binhi kaysa sa tangkay. At ang talupak ay higit na kahawig ng Binhi kaysa sa uhay. Ngunit ang Binhi Mismo ay lampas diyen. Kita n'yo? Ginamit lamang iyon, para sa pag-usad upang makasulong Ito.

¹⁵⁵ Pansinin, ang Nobya. Kung ang Nobya, sa pasimula, ay ang Salita, o ang Kasintahang Lalaki; at pagkatapos kung ang Nobya ay hinugot mula sa Kasintahang Lalaki, Ito ay dapat na maging Salita rin. Pansinin, ang Nobya ay nararapat maging gayon.

¹⁵⁶ Bakit, bakit kailangang ang Kasintahang Lalaki ay maging Salitang nahayag, na niliwanag? Ito ay dahil ang Nobya at ang Kasintahang Lalaki ay Iisa. Siya ay isa lamang pirasong tinapyas mula sa Kaniya. Hayun ang Obramaestra. Ito ay hinampas. Sabi . . .

¹⁵⁷ Hindi magagawa ni San Michelangelo na muling buuin iyon. Hindi na niya ito maibabalik pa.

Ngunit gagawin ito ng Diyos. Kaniyang dadalhin ang munting Nobyang ito, na hinampas, pabalik sa tagiliran ng orihinal na Salita. At hayun Siya, hayun ang Obramaestra, ang pamilyang bumalik muli sa hardin ng Eden.

¹⁵⁸ Papaano itong magagawa ng Nobyang ito? Papaano itong gagawin ng Trigong ito? Ang Malakias 4 ay nagsabi, sa huling mga araw, ito ay ipapanumbalik, (ano?) ipanunumbalik tulad sa pasimula; ibinalik ito! “Aking isasauli,” ang sabi ng Panginoon, “lahat ng mga taong kinain ng tipaklong, at uod, at lahat ng iba pang mga bagay na nakain. Aking isasauling muli.” Ang Malakias 4 ay nagsabi, “Kaniyang papanumbalikin ang mga puso ng mga tao at ang Pananampalataya ng mga tao, pabalik sa orihinal na mga ama minsan pa.” Kita n'yo? Nakikita natin ito dito mismo sa harapan natin, Iglesia. Nasaan na tayo?

¹⁵⁹ Ngayon, magtatapos na ako sa ilang sandali. Nais kong pansinin ninyong maigi ang isang bagay na katatapos pa lang maganap.

Ang Malakias 4 ay magsasauli, pabalik sa orihinal.

¹⁶⁰ Siya ay hinampas palayo sa iglesia, mula sa lupon ng iglesia; hinampas kasama ng Kaniyang Amo, sa iisang layunin. Siya'y ang Salita. Katulad ng si Jose ay hinampas magmula sa kaniyang mga kapatid, sapagkat siya ay ang Salita. At si Jesus ay hinampas magmula sa Kaniyang mga kapatid, sapagkat Siya ay ang Salita. Ang iglesia ay hinampas . . . Ang Nobya ay hinampas

magmula sa iglesia, sapagkat Siya ay ang Salita. Hayan na naman ang iyong mga hakbangin; isa, dalawa, tatlo, kita n'yo, tugmang-tugma talaga.

¹⁶¹ Ang Salita, buhay at kumikilos, ang Bibliang Nobya, hindi nobyang gawa ng kung sinong tao; ang Bibliang Nobya, hinampas at sinaktan ng Diyos. “Walang kagandahan na ating mananasa sa Kaniya, ngunit gayon ma’y ating pinalagay Siyang hinampas at sinaktan ng Diyos.” Iya’y tama. Siya ay naninindigang mag-isa. Siya ay hinampas palayo sa mga denominasyon, ayon sa Apocalipsis 3. Siya ay hinampas palabas sa Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea kung saan Siya ay pinalaki. Kita n’yo? Ang Iglesiang ito ay pinalaki sa Kapanahunan ng Iglesia ng Laodicea; iyon ay ang talupak. Ngunit kung ang mga ibang iyon ay tumungo . . .

¹⁶² Hindi n’yo ba nakikita iyan kayong mga taong Pentecostal, kung ang isang iyon ay talupak at namatay? Kung ang isa pang iyon (ang tangkay) ay kinailangang mamatay, kung ang uhay ay kinailangang mamatay, nararapat ding mamatay ang talupak; ang tatlong hakbangin ng organisasyon.

¹⁶³ At alalahanin, ang sabi mo, “Aba, ngayon, maraming mga uhay ang nagsisisabit. Napakaraming *ganito*.” Oo! Mayroong Metodista, Baptist, Presbyterian, Lutheran, church of Christ, lahat ng iba pang mga mumunting bagay na ito na nahulog dito, ang mga dahon at ang lahat ng iba pa ay nakakapit doon, ngunit ang orihinal ay ang mga repormasyon, ngayon, kita n’yo.

¹⁶⁴ Naninindigang mag-isa, tulad ng Kasintahang Lalaki, “tinanggihan ng tao, hinamak at tinanggihan ng mga iglesia.” Ang Nobya ay naninindigang ganiyan. Ano ito? Ito’y ang Kaniyang Obramaestra, kita n’yo, ito’y ang Salita na maari Niyang kilusan, at pagpapahayagan. Tinatanggihan!

¹⁶⁵ Kaya, ang tangkay, ang uhay, at ang talupak, ay hindi kailanman naging Binhi, hindi, ngunit sila sa bawat pagkakataon ay nagiging kahawig ng Binhi.

¹⁶⁶ Ngayon sa panahon ng tag-ani, ang Binhi ay nakabalik na sa orihinal na Buhay nito, balik sa Biblia. Ang Malakias 4 ang nagsabi na ito ay madadala sa ganitong kaparaanan. O, o, naku! Kailangan ay lahat! Upang maging ganito, kailangang taglayin Nito ang lahat ng Salita. Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Ed.]

¹⁶⁷ Ngayon ano ang sinabi Niya, sa Apocalipsis 10, na magaganap? Bakit ko kinailangang magpunta sa Tucson? Upang buksan sa Iglesia. “Sa mga araw ng mensahero, ng ikapitong anghel, ang Mensahe ng ikapitong anghel, ang buong Salita ng Diyos ay maipapahayag. Ang Tatak, iyon lamang ang iniwan ng tangkay, kung bakit at ang lahat ng tungkol Dito, ay maipapahayag sa panahong ito.”

Iyan ba ang sinabi ng Salita? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Kung gayon, nakikita na natin ito. Kung gayon nasaan na tayo, kita n'yo, nasaan na tayo? Isang bagay na lamang, ang tag-ani ay narito na. Siya ay hinog na hinog na. Siya'y handa na ngayon para sa Pagparito. Pansinin.

¹⁶⁸ Hindi, hindi kailanman magiging Ito na nga iyon. Sa panahon ng tag-ani, ang Binhi ay nagbalik na sa kaniyang orihinal na kalagayan, at dapat na taglayin ang kabuuan ng Salita, upang ito'y maging Binhi. Ngayon, hindi ka maaaring magkaroon ng kalahating Binhi; hindi ito tutubo. Kita n'yo? Dapat ay buong Binhi. Dapat itong ipahayag... Sabihing, "Naniniwala ako sa bautismo ng Espiritu Santo. Aleluia! Naniniwala ako sa pagsasalita ng ibang wika." Iya'y bahagi lamang ng Binhi, aha, ngunit ngayon may naidagdag na riyon. Aleluia! Kita n'yo? Ang Buhay, hindi ang mga kaloob; ang Buhay ng mga kaloob. Kita n'yo, nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Tayo'y nasa huling panahon na, mga kapatid.

¹⁶⁹ Ang tangkay, ang uhay, ang talupak ay patay na at tuyot na ngayon. Isang bagay na lang ang kailangang mangyari rito, at iyon ay ang tipunin sila sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia para sunugin.

¹⁷⁰ Ang Salita ay nagkatawang tao, tugmang-tugma sa ipinangako Niya sa Lucas 17, Malakias 4, at lahat, kita n'yo, iya'y tama, sa Apocalipsis.

¹⁷¹ Lahat ng totoong Buhay na nasa tangkay, uhay, at ipa, ngayon ay tinitipon sa Binhi, handa na para sa muling pagkabuhay, handa na para sa pag-ani. Ang Alpha ay naging Omega. Amen. Ang una ay naging huli, at ang huli ay naging una. Ang Binhi, na naibaon, ay kinailangang dumaan sa isang proseso at muling maging Binhi.

Ang binhi, na nahulog sa hardin ng Eden, at namatay doon, ay nanumbalik. Mula sa 'di sakdal na binhing namatay doon, ay nagbalik itong Binhing sakdal, ang Ikalawang Adan.

¹⁷² Ang unang Eva na nalugmok, at ginamit sa ikalawang repormasyon... ikalawang pagdating, tulad sa pagluluwal ng bata, ngayon ay muling naging tunay na Nobya, ang Binhi, muling nagbalik sa mismong orihinal na Salita.

Ang Alpha at ang Omega ay iisa. Ang sabi Niya, "Ako ang Alpha at ang Omega," wala Siyang sinabing anuman tungkol sa nasa pagitan. Aha. "Ako ang Alpha at ang Omega, ang Una at ang Huli." Opo, ginoo.

¹⁷³ Ang unang ministeryo at ang huling ministeryo ay magkapareho. Ang unang Mensahe at ang (ikalawa) huling Mensahe ay magkapareho. "Ako'y, Ako ay nasa Alpha; Ako'y nasa Omega." "Magkakaroon ng isang araw na hindi matatawag na araw o gabi, ngunit sa panahon ng gabi ay Magliliwanag." Kita n'yo, Alpha at Omega, ito'y naging ang una at ang huli.

Ay, naku, mga kapatid, maaari tayong magtagal diyan ng ilang oras.

¹⁷⁴ Ang dakilang obramaestrang pamilya, ang Ikalawang Adan at ang Ikalawang Eva, ngayon ay handa na para sa hardin, ang Mileniyum, amen, balik sa ibabaw ng lupa. Aleluia! Hindi pinabayaan ng dakilang Eskultor na nakalugmok sila roon. Gumugol Siya ng panahon, tulad ng ginawa Niya sa mga milyun-milyong mga taon, sa paghubog ng unang sakdal na mag-asawa; at sila ay nalugmok. Ngayon ay libu-libong mga taon na ang nagdaan, muli Siyang humubog, at ngayon ay narito't handa na sila.

¹⁷⁵ Ang Obramaestra ay naparito na at Siya'y hinampas; mula sa Kaniyang tagiliran ay lumabas ang katuwang.

At Siya ay naitayo sa gayon ding paraan. Ngayon narito Siyang muli; kasama ng lahat ng kalikasan, ang Biblia, at lahat ng iba pa, nagpapakitang tayo ay narito na.

Mga Bansa'y nangawawasak, nagigising ang Israel,

Mga tandang naihula sa Biblia;

Bilang na ang araw ng Hentil, (tingnan itong kumpol ng basura na ating nakuha), na may lagim na laganap,

Manumbalik, O nangagkahiwa-hiwalay, sa inyong pag-aari.

Iya'y tama. Kayo ay dapat pumasok doon kaagad, kung kayo'y paroroon.

Ako'y naghahanda nang magtapos sa loob lamang ng mga limang minuto, sampu.

¹⁷⁶ Pansinin ang dakilang obramaestra, sa pamilya. Ang asawang lalaki at asawang babae ay hindi magiging tunay na pamilya malibang sila ay magkaisa. Kailangan silang maging isa. Kung hindi, hindi sila magiging isang mabuting pamilya; ang asawang babae ay hahatak sa isang direksion, at ang asawang lalaki naman ay sa kabila. Magiging magulo ang pamilyang iyon. Ngunit kung sila'y nagkakasundo, na may pag-ibig sa isa't-isa, iya'y isang pamilya. At ngayon, iyon ang obramaestra ng Diyos, at ngayon ang lahat ng tunay na pamilya rito ay nagpapamalas niyan. Kita n'yo?

At ngayon ang Obramaestrang pamilya ay muling naparito, si Cristo at ang Kaniyang Nobya, handa nang maparito. Ang Ikalawang Adan, Ikalawang Eva, handa na ngayong bumalik pauwi sa kanilang Tahanan. At ang kabuuan ng larawan ay lagi nang katubusan. Mula sa pinagmulan nito, ibinabalik ito, kita n'yo, tugmang-tugma ibinabalik itong muli. Matapos. . .

¹⁷⁷ Noong isang araw, ako'y nakatayo rito sa Christian Business Men. Marami sa inyo, sa palagay ko, ay naroroon. Nang marinig

ko ang paring Lutheran na iyon, o mangangaral, gayon nga dapat siya, ay tumayo roon at magsalita ng nakatatayang bagay na iyon, at pagtawanan kung ano ang ating sinasampalatayan. At ang mga Full Gospel Business Men na iyon ay nag-anyaya sa lalaking iyon, at ganoon ang sinasabi. Baliktad ang pagkasuot ng kaniyang kuwelyo. Marami sa kanila ngayon ang nagsigawa na rito. Aniya, “Ngayon, tinatanong ako ng mga tao kung bakit nakabaligtad ang aking kuwelyo, ang sabi, ‘Paano nilang malalaman ang kaibahan mo sa isang paring Catolico.’” Aniya, “Walang pagkakaiba, at hindi dapat magkaroon.” Aniya, “Tayong lahat ay mga anak ng Diyos.” Aniya, “May kilala akong isang paring Catolico na omnipresente, kita n’yo, nagagawa niyang mapasa lahat ng dako.”

¹⁷⁸ Ngayon hindi ka maaaring omnipresente nang hindi ka nagiging omnisyente. Ang Diyos nga ay hindi omnipresente; ang Diyos ay omnisyente. Omnisyente, dahil dito Siya rin ay omnipresente, nalalaman Niya ang lahat ng bagay. Ngunit, upang maging isang Persona, kailangan Niyang mapasa isang Persona. Sa pamamagitan ng pagiging omnisyente—omnisyente, magagawa Niyang maging omnipresente. ‘Pagkat, alam Niya ang lahat ng mga bagay, at alam na Niya ito bago pa . . . alam na Niya ito, bago pa man magsimula ang sanlibutan, kung ilang mga pulgas, lisa, kung ilang mga surot, at kung ilang beses nilang ikinukurap ang kanilang mga mata, at lahat ng bagay tungkol dito, kita n’yo, pagkat Siya’y omnipresente. Hindi ka maaaring maging omnisyente—omnisyente nang hindi ka maging sukdulan. At isa lamang ang walang hanggan; ang Diyos. Amen! At pagkatapos tayo’y . . .

¹⁷⁹ Ano ito? Ito’y ang diablo, inaakay sila doon mismo sa katayang iyon. Bawat isa sa kanila ay nagsisipasok, tugmang-tugma sa sinabi ng Biblia. At narito ito, kita n’yo, nakapasok na sa mga Pentecostal, at tuwiran silang hinatak katulad ng . . . Anong pagkakataon!

¹⁸⁰ O, pagkatapos ng patotoong iyon, may isang nagsabi sa akin . . . Ako—Ako . . . Mabuti na lang hindi ako masyadong nagsalita, ‘pagkat maaaring ilagay nila ako sa kulungang iyon doon. Ngunit inisip ko na lamang, “Hayan na.”

Ang—ang mga taong naturuan, ay nakaaalam. “Ang mga matatalino ay makakikilala sa kanilang Diyos, sa araw na iyon,” sinabi iyon sa Daniel. Opo, ginoo. Kita n’yo, “Makikilala ng mga matalino ang kanilang Diyos.” Sila’y nagmamatyag sa mga bagay na ito.

¹⁸¹ Ngunit nang makita kong nagaganap iyon, at ang mga Pentecostal na iyon ay nakatayo roong kasama niya! Maging si Oral Roberts ay tumingin sa akin ng *paganoon*. Ang sabi ko, “Oh, naku!” Ah! Ngunit, nakatayo siya roong may pinag-aralan, napakagaling, alam n’yo, at iba pa.

¹⁸² Hindi iyan ang paraan ng Diyos upang pakinangin ang sa Kaniya. Hindi Niya mapapakinis ang sa Kaniya sa pamamagitan ng edukasyon. Nagpapakinis Siya sa pamamagitan ng kababaang loob, sa—sa kapangyarihan ng Kaniyang nahayag na Salita, ipinapakita ang hugis ng Butil na siyang pinanggalingan Nito.

¹⁸³ Ngayon, may nagsabi sa akin, ang sabi, “Kapatid na Branham,” aniya, “may isang bagay na hindi ko maunawaan sa iyo.”

Ang sabi ko, “Ano ’yon?”

¹⁸⁴ Nakatayo roon sa isang bulwagan...sa palagay ko, ay si Kapatid na Dauch at ang iba pa, pagkatapos kong makipagkamay kay Bill, at nakatayo doon; at lahat ay lumiko sa kanto, at naroon ang buong kulumpon ng mga tao. Isang ministro ang nakipaggitigan upang makapasok, baligtad ang kuwelyo, ang sabi niya, “Bakit ba palagi mong pinagalalitan ang mga tao?” Aniya, “Ang mga taong iyon ay naniniwalang isa kang lingkod ng Diyos, at dapat ay maging banayad at malambing ka sa kanila, at lahat na.” Aniya, “Sa tuwing naririnig kitang tumatayo, pinagalalitan mo ang mga kababaihan, tungkol sa pagkakaroon ng maiksing buhok, at tungkol sa pagsusuot ng syorts, at paggamit ng meyk-ap, at ang lahat ng iba pang mga bagay na ito; at pinagalalitan ang mga tao, at sinasabi sa kanila kung gaano sila kalamig, kapormal at kawalang malasakit.” Aniya, “Bakit mo ginagawa iyon.” Aniya, “Ang mga taong iyon ay nagmamahal sa iyo. Paano kang magiging isang mapagmahal na anak ng Diyos at pagkatapos ay gagawin mo ang bagay na ganiyan?”

Inisip ko, “Panginoon, hayaang sagutin ko ang matalinong lalaking ito. Kita n’yo? Hayaan lang na sagutin ko siya, pasasaan ba’t, nabibigti sa kanya sa sarili niyang lubid.” Siya nga.

Ang sabi ko, “Puwes,” ang sabi ko, “ginoo, nabasa mo ba ang tungkol sa isang dakilang manlilikha ng musika na kung tawagi’y...ang dakilang kompositor na kung tawagin ay Beethoven?”

Ang sabi niya, “Ay, siyempre, nabasa ko ang tungkol kay Beethoven.”

¹⁸⁵ Ang sabi ko, “Marahil siya ay pumunit ng ilang basurahan puno ng nasayang na papel, ngunit siya ay nagbigay sa sanlibutan ng mga obramaestra.” Hindi na niya binuksan ang kaniyang bibig at nagsalita pa ng ibang salita. Ang sabi ko, “Kapag siya ay nakaupo sa kaniyang silid-aralan sa ilalim ng inspirasyon, siya ay susulat ng isang bagay. Siya ay papasok sa kaniyang silid-aralan at mananalangin. Kung hindi tama iyon, kaniyang lalamukusin ito at itatapon sa basurahan. Ngunit nang siya ay matapos, sa kabuuan ng inspirasyon, ang sanlibutan ay nagkaroon ng isang obramaestra.”

O, sadyang nakahihiwa ang Salita, ngunit Ito ay lumilikha ng mga obramaestra; aha, inaalís lahat ang talupak at tangkay. Ito ay nakapagpapalitaw ng Obramaestra.

¹⁸⁶ Mayroon akong pitong minuto upang sabihin sa inyo ang ilang bagay na nangyari noong isang araw, para tayo makalabas sa tamang oras. Ikatlo ng Hulyo, ako ay naritong nakaupo sa . . . sa gitna na ito, ang shopping center diyan lang sa paglabas mula rito. Galing na ako sa Pigalle, sa Roma, sa Francia, at galing na ako sa New York City, sa Los Angeles. Ngunit ang pinakamaruming kalipunan ng mga babaeng nakita ko sa aking buhay ay sa Jeffersonville, Indiana. Hindi pa ako nakakita ng kalaswaan at karumihan sa buhay ko tulad ng nakita ko sa mga taong iyon. Naupo ako roon hanggang sa masaktan ang aking puso, at binigyan ako ng Panginoon ng isang pangitain.

Ngayon isinaysay ko ang pangitain. Hindi ko alam kung magagawa kong bigyang kahulugan ito, ngunit ako'y—sasaysayin ko ang pangitain sa unang pagkakataon.

¹⁸⁷ Nawala ako sa aking sarili. At, ang nangyari sa akin, nakita kong mayroon akong kasama. Hindi ko nakita ang tao. Tinig lang ang naririnig ko. At ako—ako ay tumingin. At habang ako—ako ay nakatingin sa dakong ito, ang sabi Niya, “Ang Nobya ay labab para sa pagpapakita.”

At nang ako ay tumingin, papalapit sa akin, ay nakita ko ang pinaka—ang pinaka-magandang kalipunan ng mga malinis ang kasuotang kababaihan na nakita ko sa tanang buhay ko. Ngunit bawat isa sa kanila, ay kagaya sa, ay magkakaiba ang bihis. Lahat sila ay mahahaba ang buhok. At sila ay mga mahahaba ang mga manggas at mga palda, at iba pa. Mga kadalagahan, na kung titingnan ay para bagang, masasabi kong, nasa mga dalawampung taong gulang.

¹⁸⁸ Ngayon bukas ang aking Biblia sa aking harapan. Kita n'yo? Ang masasabi ko lang ay kung ano ang aking nakita.

Kung sasabihin n'yo, “Ano ba ang titingnan mo?” Tumitingin ako sa isang orasan. “Ano ba ang hinahanap mo?” Hinahanap ko ang mga tao, tumitingin ako sa mga tao. “Ano ba ang iyong tinitingnan?” Tumitingin ako sa Biblia. Iyon na nga. Katotohanan ang sinasabi ko. Iyon ang nakita ko. At ang masasabi ko lang ay kung ano ang nakita ko. Hindi ko—hindi ko alam kung ano ito . . . lahat ng tungkol dito. Kailangan ko lang na sabihin ito sa inyo.

¹⁸⁹ Ngunit, nang ang Nobyang ito, Siya ay nakatingin sa . . . Ang isang iyon ay nakikipag-usap sa akin, at ako, kasamang nakatayo roon. Ang Kaniyang mga mata, Siya ang pinakamalinis, pinakamayuyuming mga taong nakita ko sa buhay ko. Wari ko'y nasa mga isang dosena sila, o higit pa, mga . . . hindi ko alam kung ilan ang magkakatabi, ngunit doo'y isang grupo sila. At Siya ay dumaan, buong yumi, buong dangal.

At ang mga mata Niya ay nakatingin, nagmamasid, habang Siya ay dumaraan. O, napakaganda Niya! Tumingin ako sa Kaniya, at habang Siya ay dumaraan. Ang sabi niya, “Ngayon ay panoorin natin. . .” Aniya, “Iyan ang Nobya.”

“Ngayon naman panoorin natin ang mga iglesia.” At sila ay nagsidating. Napansin ko silang paparating. At nang sila’y magdatingan, bawat isa, nag-anyong tulad, naging malala. Hindi pa ako nakakita kailan man ng gano’n karuming kalipunan sa buhay ko.

At nang sabihin Niyang, “Ang kasunod,” ay nakarinig ako ng ingay. At ang sabi Nito, “Ang kasunod,” aniya, “narito naman ang pangkat ng mga Amerikano.”

¹⁹⁰ Ngayon, ako ay isang Amerikano, ngunit iyon—iyon ang nagpasama ng pakiramdam ko. Hindi rin sapat ang kahusayan ko, sa pananalita sa harap ng isang magkakahalang tagapakinig, para maisaysay ko kung ano ang nangyari. Ako—ako—ako. . . At kailangan ninyong magbasa sa pagitan ng mga linya. Ngunit nang dumating ang mga kababaihan, ang pinuno nila ay isang mangkukulam. Napakahaba ng kaniyang ilong at napakalaki ng kaniyang bunganga. At lahat sila ay nabibihisan ng isang uri ng pang-ibabang kasuotan ganito kababa; ngunit sa itaas ay bigkis lang, na, napakakitid, marahil ay kalahating pulgadang lapad na bigkis na tumataas at nakabigkis sa kanila nang *paganito*. At ang bawat babae ay parang nasa isang kaayusan. . .

¹⁹¹ Marami sa inyo, maraming taon na ang lumipas, naaalala ko nang gumugupit tayo ng papel na iyon, alam n’yo, yung diyario, at gumagawa tayo ng pom-pom? Ilan ang nakakaalala sa inyo? Alam n’yo ito. Bakit, ginagamit yata iyon sa mga karnabal, alam n’yo. Nakalaylay na ganiyan, pandekorasyong papel, o leys na papel.

May hawak-hawak silang isang bagay sa gawing ibaba nila, *paganito*, hawak-hawak nila sa ibaba nila. Ang buong bahaging *ito* ay nakalantad.

At ang bawat isa ay may gupit na napakaikli na buhok, at maraming nakapalamuting kulot-kulot na mga bagay na paganoon, totoong napakaikli na gupit ng buhok; at punung-puno ng meyk-ap. Walang pasubaling ang katulad ay mga patutot sa lansangan.

At sila ay naglalakad na hawak ang papel na ito, at, ang kahalayan! Ngayon, ang papel ay yaong humahawak sa kanilang harapan. Ngunit nang sila ay lumampas sa tayuang pagriripaso, sa likuran nila. . . At para lang makita n’yo kung ano ang kanilang ginagawa, sa kanilang harapan at sa kanilang likuran, at kung paano silang kumikilos!

Ang sabi ko, “Iyan ba ang Iglesia?”

¹⁹² At doon siya ay nagpatuloy. At umaawit sila nitong twist-and-roll na kanta, alam ninyo, o kung ano man ang tawag n'yo, habang sila'y pababa, umaawit no'n at nagdaraan doon.

Ang sabi ko, "Iyan ba ang Iglesia?" At ako ay nakatayo roon, at sa puso ko ako ay umiiyak.

At, ang mangkukulam na ito, sa aking pagkaunawa siya'y wala nang iba pa sa mundo kundi siya'y isang. . . Siya yaong Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia, na umaakay sa kanila patungo sa daanan na kung saan siya paroroon. Sila ay lumilihis pakaliwa, at naglaho tungo sa kaguluhan; tuloy pa rin ang kumpas sa tugtuging iyon at ang paglikha ng mga totoong kakatuwang mga tunog, at ikinekembot ang kanilang mga katawan, paganito sa gawing ito at pagkatapos ay sa kabila naman. At pagkatapos, paganoon, patuloy na paganoon, naglalakad.

¹⁹³ At ako'y nagsimulang yumuko ng aking ulo, at ang sabi Niya, "Hintay, ang Nobya ay kailangan muling dumating."

At ako ay tumingin, at heto na naman sila. At sila ay dumaan, mga dalagang napakayumi kung pagmasdan. Lahat sila'y nakatingin sa akin, habang sila ay dumaraan. Napansin kong ang bawat isa sa kanila ay iba ang bihis. At ang isa sa likuran ay mahaba ang buhok na nakalugay, at nirolyo iyong *papaganito*; marahil ay Aleman siya o kung ano. At minasdan ko sila.

At pagkatapos nang sila'y paalis na, dalawa o tatlo sa kanila, sa likuran, ang sa wari ko'y lumihis ng hakbang, at sisigawan ko na sana sila. At sinisikap nilang bumalik sa hanay muli. At nakita ko sila, at ang pangitain ay naglaho at nabago, pamula sa akin.

¹⁹⁴ Ngayon narito ang pagpapaliwanag nito. Ang dahilan. . . Ngayon, alalahanin, katatapos ko pa lang magsulat. . . hindi pa ako tapos, hindi ko pa naisulat ang mga talang ito. Ngunit sa aking pangangaral, ngayong umaga, nakuha ko kung ano iyon, dito mismo sa aking sermon. Napansin ba ninyo, ang iglesia ay lumitaw lang sa paningin. . .

Ngayon, iyan ang Katotohanan, mga kaibigan. Ang Makalangit na Ama, na Siyang sumusulat ng Salita, ay nakababatid na Katotohanan ang sinasabi ko. Kita n'yo? Alam kong ang sinasabi ko ay pawang Katotohanan.

At hindi ko nalaman ito hanggang sa ilang sandali pa lamang ang nakalilipas, katulad nito, o katatapos lamang, kita n'yo. Napansin ba ninyo? Dalawang beses nagpakita ang Nobya; ang unang Binhi at ang ikalawang Binhi, kapuwa sila magkatulad na magkatulad sa Isa't-isa. At ang dahilan kung bakit sila'y . . .? . . . nakabihis ng magkakaibang anyo, siya ay manggagaling sa lahat ng mga bansa, ito ang bubuo sa Nobya. Ang bawat isa ay mahaba ang buhok, at walang meyk-ap, at totoong napakagagandang

mga babae. At pinagmamasdan nila ako. Iyon ang kumakatawan sa Nobyang magmumula sa lahat ng mga bansa. Kita n'yo? Siya, bawat isa ay kumakatawan sa isang bansa, habang sila ay nagmamartsa sakdal ang pagkakahanay sa Salita. Kita n'yo?

¹⁹⁵ At, nang magkagayon, kailangang matyagan ko Siya. Mapapalihis Siya ng hakbang sa Salita kung hindi ako magmamatyag, habang dumaraan Siya, kung makararaan nga Siya. Marahil ay iyon na ang aking oras, kapag tapos na ako, kita n'yo, kung ako'y tapos na, o kung ano man iyon.

¹⁹⁶ Ano? Sila ay nagbabalik. Sila'y nagsusumikap, at sila'y nakakabalik, tumungo lamang sa hanay; 'pagkat, sila—sila'y nakatingin kung saan, pinagmamasdan ang tungkol sa iglesia na sadyang lumabas sa kaguluhan. Ngunit ang dalawa . . . Ang mga nasa una, ay hindi kailan man. Yaong mga nasa hulihan, mga dalawa o tatlo lamang sa kanila, ay medyo napalihis nang bahagya sa gawing kanan, at sa wari ko'y nagsisikap na makabalik sa hanay habang sila'y dumaraan. Sila'y lumampas sa akin, oh, ang layo ay mula rito hanggang sa dingding, lumampas sa akin. At nakatayo ako roon. At pagkatapos ay sadyang nakita ko itong lahat na lumabas at lumisan.

Ngunit, napansin n'yo ba, ang iglesia ay minsan lang nagpakita, bawat bansa, ang iglesia. Ngunit ang Nobya ay dalawang beses pumasok. Kita n'yo, kita n'yo kung ano iyon? Ngayon, hindi ko alam ito, ngunit tingnan ito sa Mensahe ko ngayong umaga. Hindi ko alam iyon. Kita n'yo? [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito ng maraming beses—Ed.]

¹⁹⁷ Ang Binhi ay lumagpak sa lupa sa Nicaea. Iyan ang orihinal na Binhi. At Siya'y dumaan sa proseso ng mga denominasyong ito, na kung saan minsan lang lumitaw. Ngunit ang Nobya ay muling nagbalik sa mga huling araw. "Aking ipapanumbalik." Kita n'yo, ang Obramaestra ay naitayo. Iyan ang dahilan kung bakit Siya ay nagpakita, muling nagpakita, sa ikalawang pagkakataon. Siya ay nirepaso ng unang beses, pagkatapos siya ay nirepaso muli ng pangalawang beses. At Siya'y ganap na ganap, sa ikalawang pagkakataon, tulad Niya nung sa unang pagkakataon. O Diyos, mahabag Ka! Dalian, dalian, dalian, Buhay, pumasok ka sa Butil, bilisan mo kaagad! Ah-ha.

¹⁹⁸ Ang lahat ng iba ay hindi na nagpakitang muli. Sila ay nagsilabas, at hindi na muling nagsibalik.

Ngunit nagbalik ang Nobya, sapagkat Siya ay Alpha at Omega. Ang Diyos, ang dakilang Eskultor, ginawa Siyang isang Obramaestra, dahil Ito ay isang tapyas ng una Niyang Obramaestra. Tulad ng ginawa Niya sa hardin ng Eden, at kumuha ng isang piraso, mula doon at gumawa ng isa pang piraso at iyon ay napinsala at bumagsak, ngayon sa lahat ng panahong ito ay itinatayo Niya itong muli. At inilabas Niya ang Obramaestrang ito, at ito'y hinampas, upang . . . Ang bahaging

iyon na hinampas, ay upang maibalik ang Obramaestrang iyon, muli.

¹⁹⁹ Kaya, ang Obramaestra at ang Anak ng Diyos, ang Obramaestra at ang Nobya, at Ito'y isang piraso Niya, na dapat ay maging katuparan ng Salita. Ang Salita ay natupad na, at tayo'y handa na para sa Pagdating ng Panginoon.

²⁰⁰ O Iglesia ng Diyos na buhay, iyukod ang inyong mga puso at ang inyong—ang inyong mga sarili sa harapan ng Diyos. Ang mga bagay na ito ay totoo. Alam kong parang gano'n ang tono nito, katulad ng gano'n kadakilang bagay na iyon ay magiging gayon, ay kakalat nang husto sa lahat ng mga bansa. Hindi ito ganoon. Hindi Niya binabago ang Kaniyang gawi. Magpasalamat ka lang, Iglesia, magpasalamat ka na ika'y nasa kinalalagyan mo ngayon kung ika'y na kay Cristo. Sapagkat, kita n'yo, ngayon, at kung kailan iyon. . . .

²⁰¹ Alalahanin, ang lahat ng Buhay na iyon ay titipunin tungo sa Butil, para sa pagkabuhay na mag-uli, ngunit ang tangkay ay dapat sunugin. Ang mga natira pa; ang talupak at ang lahat, ay dapat na matupok, at mangyayari ito. Huwag kayong magtiwala sa inyong, sa mga denominasyong iyon. Manatili kayo sa Salita, ang Buhay, ang Diyos at ang Kaniyang Obramaestra.

²⁰² Kung magkagayon ano ito sa Milenyum? Si Cristo at ang Kaniyang Nobya, nanumbalik sa hardin ng Milenyum. Amen!

Mahal ko Siya, mahal ko Siya
Pagkat una Niya akong minahal
At binili Niya ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

²⁰³ Doon kung saan Siya ay hinampas. "Ating minasdan Siya na hinampas, sinaktan ng Diyos, at dinalamhati. Ngunit Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, Siya ay nabugbog dahil sa ating mga kasamaan."

²⁰⁴ Mayroon ba rito, sa umagang ito, na wala pa sa Butil na iyon? At samantalang ang Buhay ngayon ay humahatak sa huling piraso nito mula sa talupak, dahil ang talupak ay natutuyo na. Ilan ba sa inyo ang nakaaalam na ang iglesiang Pentecostal ay nanunuyo na? [Kongregasyon, "Amen."—Ed.] Ano ito? Nililisan na ito ng Buhay. Sa totoo lang, ito'y umalis na. At kung ang Nobya ay naipakita na, ako'y nagtataka kung hindi pa nabubuo ang Nobya, sa panahong 'yon. [Nagpasimulang humimig si Kapatid na Branham, *Mahal ko Siya*—Ed.]

. . . mahal Siya, mahal ko Siya
Pagkat una Niya akong minahal
At binili Niya ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

²⁰⁵ Habang ang ating mga ulo ay nakayuko ngayon. Mayroon ba ritong nais na maalaala? Kung sa palagay ninyo'y hindi kayo. . . .

Mga kaibigan, napakaliwanag nito. Hindi pa ako nagkaroon ng pangitain sa buhay ko, 'libang mayroong naganap, na sumunod. Sinasabi ko ang Katotohanan. Sa lahat ng iba pang mga pagkakataon, ay pawang Katotohanan ang sinabi ko, pinatunayan ito ng Diyos. Kung magkagayo'y, Katotohanan ang sinasabi ko ngayon.

²⁰⁶ Hindi ko alam kung anong araw ang ating kinabubuhayan, ngunit alam kong wala nang natitira. Walang sinumang pulitiko ang maaaring tumayo upang ituwid ang bagay na ito. Ang pulitika, ang bansang ito ay wala na. O, Diyos! Maaari ba kayo, maaari ba kayong magpakalalim ng husto upang— upang— upang madama iyan. Ang bansang ito ay wala na; hindi bansa, kundi mga bansa. Ito ang pinakamainam sa langkay, at ito'y nawala na. Samakatwid, kung ang mga bansa ay nagkawala, ang sanlibutan ay nawala. At ang mga iglesia, sa aking palagay, ang Pentecostes ay ang pinakamahusay na taglay nila, ngunit ito'y wala na.

O Diyos, mahabag Ka sa amin!

²⁰⁷ Kung hindi mo Siya kilala, pakiusap lang dalian, dalian. Kung nararamdaman mo ang Buhay, lumabas ka sa . . . lumabas ka sa iyong kasalanan, lumabas ka sa bagay na kinaroroonan mo. Pumaroon sa Butil, bilisan kaagad. Mamamatay ka sa tangkay, o sa talupak.

Manalangin, habang umaawit tayo ngayon. “Mahal ko Siya.”

Ito'y nasa inyo na ngayon. Wala kaming denominasyon, walang kahit ano. Ang tanging mayroon kami ay si Cristo. Kayo'y malugod naming tinatanggap upang sumambang kasama Niya, kasama namin, hanggang sa Siya ay dumating. Hindi namin maaaring ilagay ang inyong pangalan sa aklat; wala kaming mga aklat. Nais naming ang pangalan mo ay mapalagay sa Aklat ng Buhay. Magagawa n'yo lamang iyan sa pamamagitan ng Kapanganakan. Hindi mo ba ito gagawin ngayon din? Humiling ka kay Cristo ng bagong Buhay, na papasukin ka, itala ang pangalan mo sa Aklat Niya, kung ito'y wala pa. Sa gayo'y, maaari na kayong makipagtipon sa amin, ikalulugod naming makasama kayo. “Ako . . .”

²⁰⁸ Mahal na Diyos, tulungan Mo ang bawat tao upang mag-imbentaryo, tingnan kung kami'y nasa Kaniya na. Inibig Mo kami. Hinampas Ka para sa amin, at tiningnan ka namin na sinaktan at dinalamhati ng Diyos. Dalangin ko, Diyos, na tawagin Mo ang bawat isa. Panginoon, mangusap Ka sa aking mga anak, sa aking mga mahal sa buhay, sa aking mga kaibigan. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon, ngayon din, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

²⁰⁹ Huwag Mong hayaang maghintay ang sinuman ng napakatagal, Panginoon. Sa wari'y napakalapit na. Ang aanihin

ay totoong hinog na. Ang dakilang pang-ani't panggiik ng butil na makina ng Diyos ay dadaan sa lupa isa sa mga araw na ito, ang mga dayami ay magsisilipad sa lahat ng dako; ngunit ang Trigo ay titipunin sa kamalig, itataas, sapagkat sa loob Nito ay Buhay. Ipagkaloob Mo, Panginoon, na ang bawat kahilingan ay mabigyang katugunan, ang bawat panalangin na maihayag sa Iyong harapan.

²¹⁰ Idinadalangin ko sila, Panginoon. Dalangin ko na huwag Mong hayaang mapahamak ni isa man sa mga naririto, Panginoon. Sila—sila—sila ay dumadanas ng napakahirap na; sila—sila—sila ay bumiyahe ng daan-daang milya. At ano man ang kailangan namin, ipagkaloob Mo ito sa amin, Panginoon, ano man ang mabuti para sa amin, Panginoon; hindi ang mabuti sa aming paningin, kundi ang mabuti sa Iyong paningin. Nais naming tumayo tulad ng isang malinis na birheng naituwid na, sinaway ng Diyos, upang kami'y mahugasan sa aming mga kasalanan. At iniaalay ko ang aking panalangin para sa kanila, Panginoon.

²¹¹ Ako—ako—ako'y hindi marunong manalangin. Tayo—tayo'y nakikipag-usap sa Makapangyarihang Diyos. At sinong taong nilalang ang nandoon, sinong mortal ang makasasambit ng tamang uri ng panalangin sa harapan ng Buhay na Diyos? Ngunit, Panginoon, ang mga salitang hindi ko nabigkas ng tama, at ang aking—at ang aking mga pangngalan at panghalip sa—sa maling mga lugar; kung magagawa Mong damputin ang mga ABAKADA para sa isang munting batang lalaki isang araw, at—at bumuo ng isang pangungusap, Ikaw—Ika'y magagawa Mong alisin ang aking mga pangngalan at panghalip at ang tingnan na lamang ay kung ano ang aking sinasampalatayanan, Panginoon.

Sumasampalataya ako sa Iyo. Sumasampalataya ako sa Salitang ito. At ako'y sumasampalataya para sa bawat isang naririto. At aking—aking dinadala sila sa Altar na iyon, Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya, kung saan sa pagitan namin at ng Dakilang Jehova ay ang Dugo ng Kaniyang Anak, si Jesus. At ang Dugo ang mangungusap para sa amin. Nang hampasin Mo Siya sa Kalbaryo, ang sabi Mo, “Magsalita ka!” “Pakinggan Siya!” “At ang Dugo,” ang sabi ng Biblia, ay “nangungusap ng higit na dakilang mga bagay kaysa dugo ng kordero sa Lumang Tipan, sapagkat ang Dugo ni Cristo ay nangungusap ng higit na dakila kaysa sa dugo ni Abel; higit na dakilang mga bagay.” At mangusap Ka, Panginoon, ng katubusan para sa amin, habang kami ay tumatawag sa pamamagitan ng Dugo.

²¹² Dakilang Ama ng Buhay, ibilang Mo kami, Panginoon. Kung kami—kung kami'y nagkasala, alisin Mo ito sa amin. Hindi, hindi namin ibig na magkagayon, Panginoon. Hindi namin ito sinasadya.

At napag-uunawa namin na kami'y nabubuhay sa isang kahindik-hindik, na daang madilim. Tulad nang nasabi namin sa pasimula, kami'y umaakyat sa isang bundok, mula sa mga baku-bakong dako. Madilim ang landas, ngunit dala-dala namin ang Liwanag. Nawa ay makakita kami, sa bawat hakbang, sa aming pag-alis ngayon; hanggang sa tayo'y magkita-kita, tulad ng *Pilgrim's Progress*, hanggang sa aming marating ang ibabaw ng Buro. Gabayan Mo kami, O Pastol. Dakilang Jehova, pangunahan Mo kami ng Iyong Espiritu.

²¹³ At alam namin na malayo pa kami sa pagiging isang obramaestra; ngunit kami'y tumitingin kung saan kami tinabtab, ang tunay na Obramaestra, at sa Kaniya kami nagtitiwala. Dalhin Mo kami sa Kaniya, Panginoon. Itulot Mo ito, Panginoon.

²¹⁴ Pagalingin Mo ang lahat ng taong may karamdaman dito, Panginoon. "Aming minasdan na Siya ay sinaktan at dinalamhati. Ngunit Siya ay nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang." Ang Obramaestra ng Diyos ay hinampas. "At Siya ay nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang; sa Kaniyang mga latay kami ay nagsigaling." Pagalingin ang may karamdaman, Panginoon, sa Iyong Dakilang Presensiya ngayon, habang batid naming Ika'y naririto.

²¹⁵ Linisin Mo ang aming mga kaluluwa, ang aming mga puso, mula sa lahat ng masama, lahat ng masasamang kaisipan, lahat ng masasamang pakikipag-usap, lahat ng mga bagay na mali. Linisin Mo kami. At dumadalangin kami, Ama, na Iyong pagalingin ang aming mga karamdaman, at hayaang umalis kami ritong nakadaramang kami ay Iyong mga anak na pinaging banal. At dahil sa Dugong lumukob sa amin, kami ay nangungusap sa pamamagitan ng Dugo, ang Salita. Itulot Mo ito, Panginoon. Hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²¹⁶ Amang Diyos, sa mga panyolitong ito, pahiran Mo ang mga ito ng Iyong Presensiya, Panginoon. Nawa ang Iyong Presensiya ay lumakip sa mga ito saan man sila paroroon. Saan man maipatong ang mga ito, sa alin mang katawang may karamdaman, nawa'y magsigaling ang mga ito. At ano man, kung mayroon mang wasak na tahanan saan man, ayusin Mo po ito, Panginoon, na dakilang Eskultor. Itulot Mo ito, Panginoon.

²¹⁷ Hubugin Mo kami, at gawin Mo kaming mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Naniniwala kaming ang Nobya ay dumaraan na sa kaniyang panghuling pagpapakinis. Ito'y hahampasin mula sa kalipunan ng organisasyon, pinagsamang lahat, at pagkatapos ang dakilang pag-ani ay darating. Hanggang doon, Panginoon, gawin Mo silang malusog at maligaya, upang paglingkuran Ka. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Mahal ko Siya, ako'y... (Tunay bang mahal
n'yo Siya?)
Pagkat una Niya akong minahal
At binayaran ang aking kaligtasan
Sa...

²¹⁸ Ngayon nauunawaan ba ninyo kung bakit pinagsasabihan ko kayo? Ito ay hindi dahil sa kayo ay mahal ko... hindi dahil kayo ay hindi ko mahal. Mahal ko kayo. Nais ko ng isang Obramaestra para sa Panginoon. Marahil ay kailangan kong pumilas ng ilan tulad nito, ngunit ako'y magkakaroon ng isang Obramaestra, ilan sa mga araw na ito, kung pananatilihin ko itong nakaayon sa Salitang ito. Tama.

²¹⁹ Ngayon ang sabi ni Jesus, "Sa ganito ay mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay Aking mga alagad, kung kayo ay may pag-ibig sa isa't-isa." Dapat tayong lubos na mag-ibigan sa isa't-isa!

Pagpalain nawa ang taling gumapos
Ating mga puso sa pag-ibig Cristiano;
Ang pagsasama-sama ng pag-iisang diwa
Ay katulad yaong nasa Itaas.

Maghawakan tayo ng mga kamay.

Sa tuwing magpapaalam tayo upang
maghiwalay,
Ito'y nagdudulot ng kirot ng kalooban;
Ngunit tayo'y patuloy na mag-kaisang puso,
At umaasang magkita muli.

Dalhin mong kasama ang Ngalan ni Jesus,
Supling ng kalungkutan at kapighatian;
Ito'y may kaligayahan at kaginhawaang
maibibigay sa iyo,
Dalhin mo ito saan ka man patungo.

Natatanging Pangalan, O anong tamis!
Pag-asa ng lupa at kaligayahan ng Langit;
Natatanging Pangalan, O anong tamis!
Pag-asa ng lupa at kaligayahan ng Langit.

Ngayon alalahanin, sa inyong paglalakbay:

Dalhin mong kasama ang Ngalan ni Jesus,
Tulad ng pananggalang sa bawat pagkabalisa;
Tuwing pagsubok sa palibot mo'y ti-...
(Ano'ng gagawin ninyo kung gayon?)
...-tipon,

Ibulong lang sa dasal ang dakilang Pangalan.
O Natatanging Pangalan, O anong tamis!
Pag-asa ng lupa at kaligayahan ng Langit;
Natatanging Pangalan, O anong tamis!
Pag-asa ng lupa at kaligayahan ng Langit.

Hanggang sa ating pagtatagpo!

Iyuko natin ang ating mga ulo. O, gustung-gusto kong umawit!

Hanggang sa ating pagtatagpo sa paanan ni
Jesus;

Hanggang sa ating pagtatagpo! hanggang sa
ating pagtatagpo!

Ang Diyos ay sumainyo!



ANG OBRAMAESTRA TAG64-0705
(The Masterpiece)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, ipinangaral noong Linggo ng umaga, Hulyo 5, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1997 ng:

TAGALOG

©1997 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org